

“**D** iyan lang sa tapat ng talyer, Mamang Driver.”
Itinuro ni Carina ang *Rand’s Motor Repair Shop*, ang talyer na pag-aari ng fraternal twin niyang si Randall.

Doon siya dumerecho dahil tumirik ang kotse niya mahigit apat na kilometro ang layo mula sa bukana ng San Pedro. Na-lowbatt pa ang kanyang cellphone kaya hindi niya matawagan si Randall o ang amain nilang si Papang Paeng para puntahan siya sa pinagtirikan ng kotse.

Iniabot niya sa driver ang bayad saka bumaba.

Tumingin siya sa shop na kataka-takang pasara na gayong wala pang alas ocho. Karaniwan ay alas diez iyon nagsasara. Kapapatay lang ng ilaw sa second floor na siyang nagsisilbing opisina ni Randall at ng assistant nitong si Kiko. Wala na rin siyang nakikitang ibang mekaniko mula sa kalahating nakasarang tarangkahan ng shop. Iisang tao na lang ang naroon at palabas na rin ito. Hindi niya makita masyado ang mukha nito, pero sa taas, natitiyak niyang si Randall iyon.

Nakaisip ng kapilyahang kumubli siya sa poste

habang ikinakandado nito ang pinto. Walang ingay siyang tumakbo palapit dito at pumasang sa likod nito. Hoping to give her twin a fright. Ngunit sa malas ay siya ang higit na nasindak nang tila walang kahirap-hirap na ibinalandra siya nito sa lupa.

Saglit siyang lumutang pagkatapos ay naramdaman niya ang sakit ng balakang at likod sa pagtama niya sa lupa. Nahilo din siya sa bilis ng pag-ikot at impact ng bagsak niya. Gustuhin man niyang bumangon at singhalan ito sa OA nitong reaksiyon ay hindi pa niya magawa.

“Sino ka?” paangil na untag nito sa boses na nasisiguro niyang hindi pag-aari ni Randall.

Napadilat si Carina. Malagom ang tinig nito, matatag at puno ng awtoridad. At saka niya na-realize na hindi siya kayang ibalibag ni Randall dahil bagaman matangkad iyon ay medyo malama naman. Kayang-kaya nga niya itong talunin sa arm wrestling.

Nang masinagan ng liwanag ng buwan ang mukha ng estranghero ay lalo siyang napamaang. Alam niyang guwapo ang kakambal niya at ilang beses na rin itong muntik mapikot, pero imposibleng maipagkamali ito ng mga babae sa estrangherong kunot-noong nakatunghay sa kanya ngayon.

Sapagkat higit na guwapo si Mystery Guy ng sanlibong paligo kaysa kay Randall. Mayroon itong thick eyebrows, dark-as-sin eyes, a tad-pointed chin covered with a couple of day-old beard and thin mustache. Pero ang mga labi nito ang higit na nakakuha ng atensyon niya. Para kasing mas sanay iyong kumulot sa panunuya imbis na sa tunay na ngiti.

Tulad na lang ng ginagawa nito ngayon habang pinagmamasdan siyang maigi sa iinut-inot niyang pagtayo. Bakas sa mukha nito ang pagtataka at pagdududa.

“Sino ka? Ano’ng kailangan mo?” angil nito.

Napangiwi si Carina sa dalawang dahilan—masakit ang balakang niya sanhi ng pagbagsak at nakakasindak ang galit na tinig nito.

“FYI, hindi ikaw si Randall, kaya wala kang dahilan para ibalibag ako. Hindi mo naman ako kailangang ibalandra pa, ang dali-daling sabihing bitawan kita! Akala ko lang ikaw si Randall!” Pinagana niya ang katarayan kaysa ipakita ang kaba. “Tek, sino ka ba? Bakit galing ka sa shop niya?”

Napangisi ito. At mas lalong gumuwapo ang kumag sa paglitaw ng pantay-pantay na mapuputing ngipin nito at biloy sa kaliwang pisngi. “Daig mo pa’ng pusa kung makadamba. Ganoon ka ba lagi sumalubong sa kanya?”

“Inililigaw mo pa’ng usapan, Mamang Ewan. Sino ka ba?” Namaywang na siya. Nakakainis dahil kahit dumerecho siya ng tayo, hindi pa rin umaabot man lang sa balikat ng brutong ito ang tuktok ng ulo niya.

“Rigo Arances, at your service, Binibini,” pakilala nitong nanunuyang yumukod pa at inilahad ang kanang kamay sa kanya. “Bagong mekaniko ako dito. At ikaw naman si...?” Umarko ang isang kilay nito, hinihintay na sabihin niya ang sariling pangalan.

“I don’t talk to strangers!” asik niyang agad ding pinagsisihan. Maling dialogue. At base sa malditong ngisi nito, natitiyak niyang hindi nito iyon palalampasin.

“Kanina mo pa nga ako kinakausap. At ano ba’ng kaso kung magpakilala ka man lang? Atas ng kagandahang asal iyon dahil ikaw itong nagpunta dito at bigla na lang nandamba sa akin.”

Imbis pagbigyan ito ay inusisa niya kung nasaan si Randall.

“May ihinatid siya sa San Clemente. Bakit? May ipapagawa ka bang sasakyan? Sarado na kami, pero para sa iyo, mag-o-overtime ako. Titriplehin mo nga

lang ang bayad sa oras ko. Pulido akong gumawa, may libre pang sakay,” anitong may karugtong na pilyong kindat at ngiti pa ang huling sinabi.

Hindi makapaniwala sa kapreskuhan ng kaharap, nanlaki ang mga mata ni Carina. “Bastos! Lahat ba ng babaeng costumers ninyo, sinasabihan mo niyan? Puwes, titiyakin kong makakarating iyan kay Randall!”

Tila nagulat ito at napakunot-noo. Mayamaya ay napahalakhak nang umilaw sa utak ang sagot sa pagtataka nito sa reaksyon niya. “Hindi kita binabastos, Miss. Masyado ka namang green-minded. Ang ibig kong sabihin, iaangkas kita sa motorsiklo ko para ihatid ka sa kung saanman naroon ang ipagagawa mong sasakyan.” Napatawa ito at napailing. Itinuro pa nito ang nakaparadang motor sa di-kalayuan.

Namula sa maling interpretasyon niyang lalo siyang nairita. “Hindi na bale. Ibigay mo na lang sa akin ang susi ng shop at tatawag ako sa bahay. Magpapasundo na lang ako,” utos niya ritong tinugon nito ng pag-arko ng kilay.

“At bakit ko naman gagawin iyon? Hindi kita kilala, kahit pa kilala mo ika mo si Randall. Malay ko ba kung balak mong limasin ang mga gamit namin sa loob?”

Pinandilatan niya ito. “At ano’ng akala mo sa akin, mukhang magnanakaw? Kakambal ko si Randall!”

Tila nagdududang sinipat siya nito mula ulo hanggang paa. Inikutan pa siya nang umiiling-iling na parang hindi malaman kung mamamanghang kamag-anak siya ng amo nito o maaawa kay Randall.

“May ID ka ba bilang patunay, Miss? Alam mo kasi, mahirap nang magtiwala ngayon. Sa akin ipinagkatiwala ang pagsasara dito sa shop at ayokong malagay sa alanganin oras na bitbitin mo ang mga compressor at gulong sa loob.” Seryoso ang anyo at tono nito, pero may masama siyang kutob na lihim siya nitong pinagtatawanan.

Mariing napapikit sa gigil na tumingala si Carina at umusal ng dalangin na pahabain pa ang pasensya niya. Pero para hindi na humaba ang usapan ay hinalungkat na lang niya sa bag ang passport at ipinakita dito.

“Kontento ka na? Ngayon, baka p’wede mo nang ibigay sa akin ang susi at nang makatawag na ako sa bahay.”

Tumango ito matapos bistahan ang passport niya at ibalik sa kanya.

“Alam ko’ng bahay ninyo. Ang totoo, doon din ako nakatira ngayon. Ibig kong sabihin, doon ako sa kuwartong nasa ibaba ng bahay ninyo. Pinsan ko si Boy. Pauwi na din ako, sumabay ka na sa akin. Sabi ni Randall, may sasakyan ka, bakit hindi mo dala? Nag-commute ka lang ba pauwi galing Maynila?”

Animo matagal na silang magkakilala kung magsalita ito. At tila pumayag na siyang pahatid ditong niyuko nito ang bag niya at walang kahirap-hirap na binuhat. Nagpatiuana ito patungo sa kinapaparadahan ng motor nito.

“Teka, hoy! Teka lang!”

Hindi man lang siya nito nilingon kaya napilitan siyang sumunod dito. Itinali nito sa likod ng motor ang bag niya bago sumakay. “Sakay na,” anito nang lingunin siya.

“Ayoko, ibigay mo sa akin ang susi ng shop. Tatawag ako sa bahay. Malay ko ba kung anong klaseng tao ka.”

Kibit-balikat na lumakad ito pabalik sa shop, binuksan ang metal door at inilahad pa ang kamay sa harap nito.

“After you, Binibini.”

Pag-akyat sa second floor ng shop ay agad siyang tumawag sa bahay nila. Tiyempong ang ina niya ang nakasagot.

“Carina! Aba’y bakit hindi ka man lang nagsabing

uuwi ka pala ngayon. At bakit diyan ka pa tumuloy sa shop ni Randall?”

“Nasiraan po kasi iyong kotse ko sa may sagingan. Ipapa-pick up ko po sana kay Randall kaso wala pala siya dito. Iyong bagong tauhan lang niya na—”

“Ah, si Rigo! Nagkakilala na pala kayo. Pamangkin din siya ng yumaong asawa ng Papang Paeng mo, tulad ni Boy at dito din siya sa atin nakatira. Sumabay ka na lang muna sa kanya at bukas mo na balikan ang kotse mo.”

“Ano! Hindi puwede, Mamang, baka karnehin iyon ng makakakita doon. Naroon din ang mga maleta ko.”

Salubong ang kilay na nilingon niya si Rigo nang marinig ang pagsamid nito na duda siya kung totoo. Mas mukha kasi itong nagpipigil ng tawa kaysa namali ng lunok.

“Hindi naman ito Maynila, anak, nasa San Pedro ka na. Walang gagalaw sa kotse mo. Sige na, sumabay ka na kay Rigo.” Hindi pa man siya nagpapaalam, ibinaba na ng nanay niya ang telepono.

Kunot ang noong saglit siyang nag-alangan. Tinimbang sa isip kung dapat ba siyang magtiwalang ang tinutukoy nitong Rigo ay siya ring lalaking kaharap niya ngayon. Pero kahit pa totoong tauhan nga ni Randall ang Rigo na ito at pamangkin pa pala ng unang asawa ng stepfather niya, sapat na ba iyong basehan para pagtivalaan niya ang lalaking ito?

May nagbubulong kasi sa kanyang hindi ito basta mekaniko lang. Sa pangangatawan pa lang ay hindi na ito humuhulma sa ideya niya ng lalaking kontentong magbutingting ng kotse buong araw. Parang mas nakikita niya ito sa role ng isang rebeldeng sanay sa pakikibaka mag-isa o kaya ay sundalong puno ng panganib ang buhay.

Even in his faded jeans and grimy white shirt, he exuded a different kind of confidence and command.

Tipong kapag pumasok sa isang silid ay kukuha ng atensyon dahil sa lakas ng presensya nito.

“Carina? Sabihin mo lang kung gusto mong magpabukas dito, iiwan na lang kita. Gutom na ako at gusto ko nang maghapunan. Pero ingat ka lang, n’ung isang gabi may na-rape dito,” anito sa seryosong tono. Luminga pa ito sa paligid na para bang anumang oras ay lalabas nga ang tinutukoy na rapist.

Nanlaki ang mga matang napahakbang ang dalaga palapit sa motor.

Napapailing ito nang paandarin ang motor. Marahan lang itong magpatakbo kaya hindi niya kailangang kumapit nang mahigpit sa baywang nito. Pero may isang bahagi niyang lihim na humihiling na bilisan nito ang pagpapatakbo para may rason siya para idikit ang ilong sa likod nito. Bahagya kasing tumutukso sa ilong niya ang taglay nitong amoy. Parang pinaghalu-halong amoy ng grasa, lemon, musk, sabon at sarili nitong amoy-panlalaki.


“Ano’ng ginagawa mo?” Bahagya siyang nilingon nito nang tumigil sila sa intersection at may makasalubong na bus.

“Ha?” Gulat na napadilat siya at napalayo dito.

“Bakit mo ko ’sinisinghot? Hindi pa naman ako mabaho, ah.”

“Ano ba’ng pinagsasasabi mo? Bilisan mo na nga lang at pagod na pagod na ako,” kunwa ay angil ni Carina para maikubli ang pagkapahiya sa pagkakahuli nito sa ginawa niya.

“Ingat ka sa pagsisinungaling, Binibini. Baka biglang humaba ang ilong mo matusok ang likod ko,” naaalih nitong sabi.



“**D**iyaskeng bata ire, bakit hindi mo man lang ipinaalam sa aming uuwi ka pala ngayon?” kunot-noong salubong ni Papang Paeng kay Carina nang pagbuksan sila nito ng gate pagkarinig sa pagtigil ng motor ni Rigo sa tapat ng bahay nila.

“Magandang gabi ho, Papang,” magalang na bati niya rito. Humihikab at mabagal ang kilos na bumaba siya ng motor at nagmano rito. “Pasensya na ho, gusto ko kasi kayong sorpresahin kaya hindi na ako nagpasabing uuwi.” Lihim na napangiwi siya sa sariling kasinungalingan.

Naipasya niyang ilihim sa pamilya ang totoong dahilan ng wala sa planong pag-uwi niya. Masyado kasing nerbiyosa ang ina at alam niyang oras na malaman nitong may natatanggap siyang death threat letters at phone calls ay tiyak na labis na mababalisa at mapapraning ito. Bunga marahil ng minsang pagiging asawa ng isang pulis.

Kapitan ng pulisya sa San Pedro noon ang ama nila ni Randall na si Capt. Nicanor Torres. Napatay ito

ng hinuli nitong hold-upper ng bangko noong walong taong gulang sila. Kaya naman kahit gustong-gusto din nilang magpulis na magkapatid ay hindi sila pinayagan ng mamang nila. Tama na raw na naulila ito sa asawa dahil sa batas, hindi na nito kailangang mangulila din sa mga anak.

Kaya napilitan sila ni Randall na mag-iba ng larangan. Ito kumuha ng mechanical engineering na kurso habang siya naman ay napunta sa kursong education tulad ng inang isang respetadong propesora sa *St. Peter's College*.

Hanggang noong nakaraang taon ay sa preparatory classes ng *St. Peter's* siya nagtuturo. Lumipat lang siya sa *Mary Immaculate Parish Special School* sa Las Piñas noong pilitin siya ng ina at ng Ninang Nida niya na lumuwas upang kahit paano ay makalayo pansamantala sa eskandalong nilikha ng naudlot niyang kasal.

Bilang isang pre-school teacher ay wala siyang makitang dahilan para gustuhin ng sinuman na patayin siya. Wala siyang pinagkakautangan ng malaki, wala siyang inagrabyadong maimpluwensyang tao, ni wala siyang kagalit sa eskwelahang pinapasukan at mas lalong wala siyang inagawan ng nobyo. Kaya bagaman nag-aalala sa araw-araw na pag-ulan ng banta sa buhay niya ay nakadama rin siya ng inis dahil ginagambala ng sinumang nasa likod niyon ang routine at kapayapaan niya ng isip.

Ayon kay Sgt. Soler, ang pulis na tiyuhin ng kaibigang si Teri na pinagreportan niya ng mga natanggap na pagbabanta, mas makakabuting magbakasyon muna siya nang ilang linggo habang inaalam pa nito kung sino ang nasa likod ng mga pananakot. Isinuhestyon nito iyon matapos siyang muntikang mabunggo ng isang rumaragasang taxi na ayon sa mga nakasaksi ay tila hindi aksidente kundi

sadya talagang balak siyang sagasaan. Mabuti na lamang at mabilis siyang nahatak ni Teri.

At dahil para rin naman sa kaligtasan niya ang pansamantalang pagbabakasyon dito sa San Pedro, sinunod niya ang payo ni Sgt. Soler.

“Buti naman at pumayag sumabay itong dalaga namin sa iyo, Rigo. Nuknukan ng taray at sungit ito sa mga bagong kakilala, eh,” ani Papang Paeng sa binatang awtomatikong napasulyap sa kanya at tila nagpipigil matawa.

Matalim na inirapan niya ito. Nagpatiuna siya sa pag-akyat sa bahay nilang tatlong palapag at estilo pa noong panahon ng mga Kastila ang pagkakagagawa. Ang silong niyon ay dating parte din ng bahay, pero ipinaayos iyon ni Papang para maging paupahang mga silid dahil hindi naman nila madalas magamit. Sa pagkakaalam niya ay bakante sa ngayon ang dalawa sa tatlong silid na iyon. Ang isa ay okupado siyempre ni Boy at malamang doon din tumutuloy ngayon si Rigo.

Sinlaki ng maliit na studio-type apartment ang mga silid. May sarili iyong banyo at maliit na kusina, pero ang sala, kainan at tulugan siyempre ay iisa na.

“Lucita! Narine na’ng panganay mo!” tawag ni Papang Paeng sa ina niyang nasa ikatlong palapag ng bahay.

Ibinaba ni Rigo sa sala ang bag niya at akmang magpapaalam na, pero pinigilan ito ng stepfather niya. Inalok pang sumabay na sa kanyang maghapunan dahil si Boy raw ay roon din sa kanila nakikain kanina kaya walang lutong pagkain sa silid ng mga ito. Bagay na hindi na niya ipinagtaka dahil madalas talagang kasalo na nila si Boy lalo pa’t malayo pa ang suweldo nito sa pinapasukang kompanya bilang messenger.

Magiliw talaga si Papang Paeng sa lahat at animo kamag-anak na rin ang turing nito sa mga kamag-anak ng yumaong asawang si Aling Pinang. Palibhasa ay wala

na itong natitirang iba pang sariling kamag-anak.

Likas na palakaibigan, matulungin at mapagtiwala ang amain niya kaya hindi kataka-takang tatlong beses na itong nananalong kapitan ng baranggay nila sa sobrang dami ng kaibigan at kakilala nito. Kung tutuusin, maaari itong tumakbong konsehal o mayor ng bayan nila, pero ayaw lang nito dahil bukod sa masakit daw sa ulo ang mas mataas na posisyon, dadami lang daw ang kaaway nito.

Malaki ang tiwala ni Carina sa husay nitong kumilatis ng taong pagkakatiwalaan, pero sa bagong saltang binata na inampon nito ay malaki ang duda niya.

“Kung ayos lang ho sa dalaga ninyo, Tiyo Paeng. Baka hindi ho matunawan kapag nakasabay ako,” ani Rigo na kunwa ay napakamot pa sa ulo, pero puno naman ng kamaldituhan ang kislap ng mga mata nang sumulyap sa kanya.

“Buti alam mo,” pasimpleng ingos niya rito. Tinugon nito iyon ng malawak na ngisi. Animo aliw na aliw ito sa kanya. Ano kaya ang palagay nito sa kanya, clown?

Duda talaga siyang kamag-anak ito ni Papang Paeng. Bukod sa malayo ang hitsura nito kay Boy na mahigit limang taon na nilang kasa-kasama at halos kapamilya na kung ituring, iba talaga ang kutob niya rito. Pero wala siyang balak komprontahin ito sa harap mismo ng amain. Bagaman ipinapangako niyang mamatyagan niya ito nang maigi.

Bumaba ang ina ni Carina kasunod sina Analeah at Sarah, ang kinse at disisais anyos niyang mga kapatid na animo hindi mga dalagita kung magsikilos. Matapos kasi siyang batiin ng yakap at halik ay daig pa ang mga batang paslit na nag-unahan at sabik na naghalungkat sa bag niya para sa mga pasalubong.

Sampung taong gulang sila ni Randall nang magpakasal ang mamang nila kay Papang Paeng

matapos ang ikalawang taong pagiging biyuda nito sa ama nila. Sina Analea at Sarah ang naging mga anak nito. At bagaman mahigit sampung taon ang agwat nila ni Randall sa edad ng dalawa, malapit silang magkakapatid sa isa't isa. Walang kaso sa kanila ni Randall ang pangalawang pamilya ng ina dahil itinuring din silang parang tunay na mga anak ng amain nila.

“Para sa inyo ito, Pang. Ipinabibigay ni Ninong Mon, paborito ninyo raw iyan. Dumaan ako sa kanila bago ako bumiyahe pauwi, eh.” Iniabot niya sa amain ang bote ng alak. Si Ninong Mon din ang nagpasok sa kanya sa private school ng pamangkin nito.

“O, may titirahin na naman tayo, Rigo. Halika nga't tawagin mo si Boy,” nakangiting baling ni Papang Paeng sa binata.

“Sige ho, magbibihis na rin ako para hindi naman nakakahiya sa dalaga ninyo.” Bahagya pang yumukod sa kanya si Rigo bago lumabas para babain ang pinsan nito.

“Pamangkin ho ba talaga siya ni Tiya Pinang, Papang? Bakit parang ngayon lang siya nagpakita dito? Taga-saan siya dati? At ano'ng trabaho niya?” sunud-sunod na usisa ni Carina habang nakatingin pa rin sa nilabasang pinto ng binata.

“Uyy! Interesado ka kay Kuya Rigo ha, Ate,” pilyang tukso ni Analeah na sinundot pa siya sa tagiliran.

“Tigilan mo nga ako.” Pinandilatan niya ang kapatid.

“Pamangkin sa pinsan ni Pinang si Rigo. Taga-Davao ang pamilya niya pero ngayon, nag-iisa na lang siya. Namatay sa sakuna ang mga magulang niya't kapatid na babae kaya naisipan niyang umalis ng Davao para makalimot kahit paano. Mahusay na mekaniko iyon kaya inirekomenda ko kay Randall. Marunong magkarpintero, magtubero at kahit pag-i-electrician ay alam niya kaya maraming puwedeng

pasukang trabaho,” tugon ng matanda na bahagyang sumulyap nang makahulugan sa mamang niya.

“Mabait na bata iyong si Rigo, anak. Masipag at matulungin pa. Mahusay makisama at matiyaga. Anumang maririnig mo tungkol sa kanya’y balewalain mo na lang. Alam mo naman ang mga tao dito sa atin, minsan may pagkaintrigero at inggitero din,” tumatangu-tangong segunda ng ina niya na ikinakunot-noo niya.

Why did she have this strange feeling that her parents were covering up something about the man? Curious lang naman siya kaya siya nagtatanong, pero sa tono ng dalawa ay animo pinagbintangan na niya ng masama ang lalaki.

“At higit sa lahat, Ate, guwapo’t macho. Pinag-aagawan nga ng mga babaeng taga-rito sa atin. Buti’t umuwi ka na agad, wala pa siyang pinopormahan kahit isa sa mga nagpapalipad-hangin sa kanya. Makakahabol ka pa,” dugtong ni Sarah.

Napabungisngis ito at si Analeah nang makita ang paglukot ng mukha ni Carina. Alam ng mga ito ang tipo niyang lalaki at malayung-malayo roon si Rigo Arances kahit pa animo sinolo nito lahat ng kagwapuhan at kamachohan sa mundo. Para sa kanya, mas gusto pa rin niya iyong mga intellectual at hindi iyong katawan lang ang kayang ipagmalaki. Eh ano, kung mukhang kayang-kaya nitong magpasan ng isang sakong bigas at ang macho nitong tingnan sakay ng motorsiklo nito? At kahit pa may basbas ni Pope Benedict XVI ang katauhan nito, may hinala pa rin siyang may hindi tama tungkol dito. May kaduda-duda rito at tutuklasin niya iyon as soon as possible.



Alas diez na ng umaga nagising si Carina dahil sa sobrang pagod sa biyahe. Idagdag pang halos madaling-

araw na rin siya tinantanan ng ina sa pag-uusisa tungkol sa biglaan at walang pasabi niyang pag-uwi. Totoo nga yata iyong tinatawag na mother's instinct kaya kahit hindi niya aminin dito ang tungkol sa pagbabanta sa buhay niya, ramdam nitong hindi lang dahil niya basta na-miss ang pamilya kaya siya umuwi.

Gayunpaman, nagtagumpay siyang iligaw ito sa katotohanan. Hindi man gustong magsinungaling ng dalaga, mas hindi niya nais na mag-alala pa ang mga ito.

Pagbaba sa komedor ay tanging ang mamang na lamang niya at ang katulong nilang si Marissa ang naabutan ni Carina. Nagsipasok na sa eskuwela sina Analeah at Sarah; si Randall ay nagtungo na sa motor shop. At si Papang Paeng naman ay kaaalis lang daw, patungo sa katabing bayan ng San Pedro, ang San Agustin kung saan naroon ang bangkong pinapasukan nito. Manager ito roon at may maliit na stocks na pag-aari.

“Kumain ka na. Mainit-init pa iyang pandesal. May keso at mantikilya diyan. Kung gusto mo ng hotdog at itlog, magpiprito ako,” anang mamang niya. Iniwan nito kay Marissa ang paghihimay sa mga gulay na isasahog sa ilulutong pananghalian nila.

Doon siya bilib sa ina. Successful ito at masaya sa sariling career bilang propesora noon, pero nang mapagtapos na sila ni Randall ay pinili na nitong iwan ang trabaho at maging full-time housewife and mother na lang. Ang totoo ay pagkapakasal pa lang ng ina kay Papang Paeng ay inaako na ng huli ang pag-aaral nilang magkapatid, pero hindi pumayag ang ginang dahil anito ay responsibilidad sila nito.

Sa kabila ng pagkakaroon nito ng pangalawang pamilya, hindi sila nito kailanman pinabayaang kaya hindi niya ikinasasama ng loob ang pagpo-focus nito ngayon bilang asawa't ina sa pangalawang pamilya.

“Magkakape na lang ho ako, ‘Mang. Hihintayin ko na lang ang tanghalian,” aniya. Nagsalin siya ng kapeng barako sa isang tasa mula sa mainit na pot na nasa ibabaw ng mesa.

“Carina, nakikipagkita ka ba sa bulateng ex-boyfriend mo noong nasa Maynila ka?”

Kung hindi niya napigilan, malamang naibuga niya sa mukha ng ina ang hinigop na kape sanhi ng sobrang gulat at pagkaaliw sa itinawag nito kay Chad. Noon ay ‘dikya’ lang ang panlait nito sa lalaki, ngayon pala ay bumaba na sa ‘bulate’.

“Mamang! Saan ninyo naman nakuha iyang ideyang iyan? Bakit ako makikipagkita kay Chad sa Maynila? At saka nasa London pa siya, di ba?” Bahagyang napailing siya.

“Nakabalik na siya dito sa San Pedro noong isang buwan, pero hindi nagtagal dito dahil sa Maynila yata naglagi, sabi ng kaibigan mong si Manilyn. Baka lang ‘ika ko natunton ka niya sa Maynila at ginugulo ka doon kaya bigla kang napauwi dito. Alam ko kung gaano mo minahal ang bulateng iyon kaya nag-aalala akong baka natatakot kang madala muli ng panunuyo niya, kaya napauwi ka dito.”

“Mamang naman. Paano kami magkikita ni Chad, hindi naman niya alam ang tinitirahan ko doon sa Las Piñas. At saka paano naman siya magagawi sa Maynila nang hindi siya nirerendahan ni Mrs. Salvilla? Nagbabalak pa lang siguro siyang puntahan ako, naitali na siya ng nanay niya.” Alam ni Carina na may bahid ng pait sa tono niya, pero sadyang hindi niya mapigilan. Hindi natuloy ang kasal nila dahil mas pinili ni Chad na paniwalaan ang mga kasinungalingang nilubid ng ina nito tungkol sa kanya.

Hindi nakayan ng dating nobyo na tikisin ang pagtatakwil dito ng pamilya nito kung magpapakasal sa kanya. Ora mismo rin ay nilisan nito ang San

Pedro at sumunod sa inang nagtungo ng States bilang hantarang pang-i-snob sa araw ng kasal nila. Ni hindi nito inisip na maiiwan siyang nakabitin sa ere at mag-isang haharap sa kahihyan. May nalalaman pa si Chad na sumpa noon na mas mahalaga siya rito kaysa sa kayamanan ng pamilya nito. Sa huli ay tatalikuran din pala siya.

Malalim na napabuntong-hininga ang mamang niya. “Hindi niya kasamang umuwi ng bansa ang ina niya. At pagdating na pagdating pa lang dito’y ikaw agad ang gustong puntahan. Pero nang malaman niyang wala ka dito, nakiusap siya sa amin ng Papang mo na sabihin ang address mo sa Las Piñas. Kahit si Randall pinakiusapan niya sa kabila ng pambubugbog sa kanya ng kapatid mo noong magpakita dito. Halata kong desidido siyang makaharap ka kaya naisip ko lang na baka nakagawa siya ng paraan para malaman ang address mo at ginugulo ka niya ngayon sa tinutuluyan mo.”

Mariing umiling si Carina. “Hindi po, Mamang. Hindi niya ako pinuntahan. Hindi po siya ang dahilan ng pag-uwi ko. At sakali mang matunton nga niya ang apartment ko sa Las Piñas, hindi ko siya tatakbuhan. Wala akong dahilan para iwasan siya dahil mas gusto ko nga’y magkaharap kami ulit para masampal at matadyakan ko siya,” aniyang bahagyang nagtagis ang mga ngipin sa pagbangon ng yamot sa dating nobyo.

Umarko ang mga kilay ng ina na tila hindi naniniwala sa sinabi niya. “Susme! Eh, noong narito ka nga’y wala kang ginawa kundi ngumalngal dahil sa bulateng iyon. Kaya nga ipinadala kita sa ninang mo para kahit paano’y maiba naman ang paligid mo’t mamulat ang mga mata mo sa katotohanang walang kuwentang lalaki ang bulateng iyon!”

“Kaya nga nagpapasalamat ako sa inyo, ’Mang. Dahil ngayon, kahit maglumuhod pa sa harap ko si

Chad, nunca na pansinin ko pa siya. Aba! Pinipilahan ng sanlaksang kalalakihan ang kagandahan kong ito sa Maynila, ano!” biro niya sabay taas ng noo at wagayway ng mahabang buhok.

“Naks! Lakas ng hangin dito, ah. Kapit ka, Rigs, baka tangayin tayo!” nang-aasar na sabat ni Randall na papasok ng komedor kasunod si Rigo. Base sa pagkakangisi ng mga ito, umabot sa tainga ng dalawa ang pinag-uusapan nilang mag-ina.


“Baka naman talagang pinipilahan siya, hayaan mo na,” ani Rigo na kumindat pa sa kanya; tila nais ipakitang sa kanya ito kampi. Matapos bumati sa mamang niya ay tumapat ito sa silyang inuupuan ni Carina at saka idinugtong sa mahinang boses, “Akala siguro ng mga pobreng iyon, may pilahan ng bigas sa tapat mo.”

Naniningkit ang mga matang tiningala niya ang lalaki. Ngali-ngaling singhalan niya ito at isa-isahin dito ang mga manliligaw, pero hindi na niya itinuloy. Nabasa kasi niya sa mga mata nito ang antisipasyon sa ibibigay niyang sagot sa pang-iinis nito. Puwes, madidismaya ang buwisit dahil wala siyang balak patulan ito. Sa halip ay inirapan niya ito at padarag na tumayo.

“Magpapahangin lang muna ako sa labas, Mang. Biglang sumama ang hangin dito, eh,” aniyang nakatingin sa binata upang ipagdiinang ito ang tinutukoy niya.

“Kontian mo lang kasi ang kain sa susunod para hindi ka magpapalabas ng masamang hangin,” animo seryoso ang tono ni Rigo. Mahirap tuloy ikonekta sa naglalarong kaaliwan sa mga mata nito.

“Wala akong balak patulan ang mga taong may utak ng five-year-old!” asik niya bago ito iwan.



Naaalibadbaran na si Rigo sa mga babaeng aali-aligid sa motor shop. Bagaman lahat ay may ipinapagawang sasakyan, halata namang ang talagang pakay ay makipag-flirt sa kanya. And here he thought small town lasses were generally old-fashioned and shy. Pero sinira ng pasimple at minsan ay hantarang pagpapapansin ng mga dilag na halos araw-araw na dumarayo dito sa shop ang ideya niya ng mala-Maria Clara'ng dalagang taga-probinsya.

Strictly speaking ay hindi naman ganoon ka-backward ang San Pedro. Maunlad na rin ang bayan at may sarili na ngang mall bagaman maliit lang. Pero pagsasaka, pangingisda at iba pang agriculture products pa rin ang pangunahing kabuhayan ng bayan. Hindi gaanong malaki ang bilang ng mga turista dahil wala namang sikat na tourist spot na makikita roon.

Bagay na siya rin mismong dahilan kaya rito niya napiling magbakasyon pansamantala. Malayo sa gulo ng lungsod, tahimik at higit sa lahat, walang nakakakilala sa kanya rito.

Kailangang magmistula siyang isa lang din sa

mga taga-roon para hindi umingay ang pangalan niya. Ngunit sa nangyayari ngayon ay mukhang malabo na iyong mangyari.

Hindi niya alam kung saan eksakto nagsimula ang balita na isa daw siyang ex-convict na nakulong sa kasong rape at pagtutulak ng droga. Mayroon pang balitang kumalat na magnanakaw daw siya at miyembro ng mga hold-uppers na nagnanakaw at pumapatay ng bank employees sa mga bangko sa kalapit na mga bayan ng San Pedro. Pero natitiyak niyang sinumang nagpakalat niyon ay nadismaya nang sa halip na ma-turn off ang mga dalaga sa mapanirang-puring impormasyon na iyon tungkol sa kanya, ay tila mas lalo lang iyong nakadagdag sa appeal niya sa mga ito.

Ngunit kung may mga haka-haka man tungkol sa kanya na lubhang napakalayo sa katotohanan, iyon ay ang pagiging kriminal. Dahil ang totoo, beinte uno pa lang siya nang sumumpa siya sa tungkulin bilang isang *NBI* agent. At ngayon ay mahigit sampung taon na siyang naninilbihan para bawasan ang mga gago sa lipunan.

Karamihan sa mga trabaho niya ay undercover kaya madalas sa hindi, ang mga nakakasalamuha niya ay mga kriminal na layon niyang timbugin sa pamamagitan ng pagpapanggap bilang isa sa mga ito. Ngunit kahit nabahiran na rin ng cynicism ang tingin niya sa trabaho, kumpara sa idealistic views noong rookie pa lang siya, hindi pa rin nabubura sa isipan ni Rigo na ang pagtatanggol sa mga naaagrabyado ang tungkulin niya.

Hindi siya nainsulto sa mga maling balitang kumakalat tungkol sa kanya rito sa San Pedro, nayayamot siya. Kaya kasi siya gumagamit ng assumed identity ngayon ay para kahit paano ay mailigaw ang

mga miyembro ng press na huma-hunting sa kanya.

Puwersahan siyang pinag-leave ng head ng *NBI* na si Dir. Harold Lunzaga mula sa serbisyo sanhi ng pag-iingay ng media sa diumano foul play sa pagkakabariil niya sa kilalang actor-politician na siyang mastermind ng pangkikidnap sa bunsong anak ng isang Chinese businessman. Mainit sa mata ng mamamayan ang Kapulisan ngayon kaya kahit maituturing na self-defense ang pagbaril niya sa actor-politician, marami pa ring naniniwala na hindi ganoon ang tunay na nangyari.

At para matigil ang gulo, ipinasya na lang ni Dir. Lunzaga na pansamantalang isuspende siya. Hanggang sa mawala lang daw ang atensyon ng media sa ahensya.

Subalit sa ingay na nililikha ngayon ng mga bali-balitang isa siyang kriminal, hindi malayong magkainteres sa kanya ang pulisya dito sa San Pedro at halukayin ang records niya. Lalo pa't sa nakikita ni Rigo ay nakakaburyong ang maging pulis sa bayan na ito. Halos zero kasi ang crime rate. At siyempre kapag ganoon ang sitwasyon, kahit kaliit-liitang tsismis tungkol sa kaduda-dudang pagkatao niya bilang isa diumanong ex-convict ay papatulan ng mga awtoridad dito. Una, para magkasilbi ang tsapa ng mga ito. At ikalawa, upang mapanatiling mapayapa ang bayan.

Nayayamot, naiirita at nakakaubos ng pasensya. Ganoon na ba talaga siya kahusay magpanggap na masamang loob kaya kahit sa totoong buhay ay inaakala pa rin ng mga nakapaligid na kriminal siya?

Wala rin palang silbi ang pagpapaahit ni Rigo ng makapal niyang bigote at balbas maging ang pagpapagupit sa dati ay lagpas-balikat niyang buhok para maiba ang hitsura niya sa litratong nakuha ng media. Kung magpapatuloy ang pag-iingay ng pangalan niya rito sa maliit na bayan, posibleng may makaamoy

na media lalo pa at apelyido lang naman ang pinalitan niya at hindi buong pangalan.

“Matinik talaga ang kamandag mo, Rigo.

Sangkaterbang palay ang lumalapit sa iyo. Kahit si Madam Sofia na magnu-noventa na mukhang balak nang isuko ang pagiging soltera niya para sa iyo,” kantiyaw ni Kiko. Partner ito ni Randall sa talyer, pero dahil mas kilala ang huli rito sa San Pedro, rito ipinangalan ang talyer para agad makilala ng mga magpapagawa.

“Huwag naman. Halos kaedad na niyon ang lola ko,” natatawang iling ni Rigo. Pero agad ding nabura ang ngiti niya.

Muntik na niyang batukan ang sarili sa katangahan. Ang pagkakaalam ng mga narito ay nag-iisa na siya sa buhay—wala nang kapamilya na natitira kaya hindi siya dapat nagbabanggit ng kahit ano tungkol sa mga totoong kamag-anak niya. He never had trouble keeping the reel and real facts of his life whenever he was on a mission. Pero ngayon, dahil hindi naman opisyal ang pagtatago niya ng totoong katauhan, masyado siyang nagiging komportable sa mga kasama kaya nabawasan ang kanyang pag-iingat. Hinintay niyang magkomento ang isa man lang sa tatlong kaharap, pero mukhang walang nakapansin sa pagkakadulas niya.

“Aba’y kahit ako kung naging babae’y malamang malaglagan din ng panty sa iyo,” ani Mang Tasyo na mas matanda pa kay Tiyo Paeng.

“Hala! Ingat ka kay Mang Tasyo, Rigs, may pagnanasa rin pala sa iyo iyan!” kantiyaw ni Kiko. Mabilis nitong inilagan ang basahang ibinato dito ng matanda.

Abala sila sa pagkakantiyawan sa gitna ng trabaho kaya hindi nila napansin ang dalagang kanina pa pala

nakatayo sa bungad ng shop. Napalington lang sila sa gawi nito nang malakas itong tumikhim.

“Oras pa ng trabaho, di ba? Bakit naghuhuntahan na kayo?” Magalang man ang tono, hindi pa rin maikakaila ang pagkayamot sa anyo nito. “Alam ba ninyo kung gaano kabilis matatapos ang trabaho kung sasamahan ninyo ng konting bilis at hindi ng pagtsitsismisan? Mga lalaki kayong naturingan, pero daig ninyo pa’ng mga naglalabang babae na panay ang huntahan!” Hindi tumataas ang tono nito, pero ang suma ay nagtatalak pa rin ito.

Noong unang makita niya ang litrato nito sa photo album na ipinagmalaki sa kanya ni Tiyo Paeng noong unang araw na dumating siya roon, iisa ang salitang nahagilap niya para ilarawan ito: diyosa. Diyosa ito ng katarayan at kasupladahan.

Kahit kasi sa litrato lang ay makikita iyon. Nakataas ang kilay habang nakatingin sa camera, animo hinahamon ang kumukuha ng litrato. Mestiza dahil may lahing Español daw ang ama nito, matangos ang ilong, maninipis ang sing-pula ng dugong mga labi at medyo mamula-mula ang lampas-balikat na maalong buhok. Maganda kung sa maganda, pero sadyang may pagkamataray ang tikwas ng mga kilay.

“Lagot! Masama na naman ang mood ni Reyna Taray. Hindi ko pa naman nalagyan ng bulak ang tainga ko,” bulong ni Kiko sa kanya.

“Baka nagme-menopause na. Tahimik na tao naman sina Tiyo Paeng at Tiya Lucita. Kanino kaya nagmana ng pagiging taklesa? Ampon siguro.” Sadya niyang nilakasan ang boses, pero nagkunwang nakikipagbulungan pa rin sa katrabaho.

“Hindi ako ampon!” asik ni Carina na biglang bumaling sa direksyon niya. Nakahinga nang maluwag sina Mang Tasyo na siya dapat lalapitan nito habang

panay ang panenermon.

Pinigil niya ang mapangisi nang harapin ito. “Matalas din pala ang pandinig mo, hindi lang ang dila. Pero, magandang binibini, wala bang nakapagsabi sa iyong masama ang sumabat sa usapan ng iba? Hindi naman ikaw ang pinag-uusapan namin ni Kiko,” painosenteng aniya.

Naniningkit ang mga matang hinagod siya nito ng tingin. May animosity sa ekspresyon nito, pero hindi pa rin niyon naikaila sa kanya ang emosyong mabilis na dumaan sa mga mata nito nang matutok ang tingin sa malapad niyang dibdib na bumabakat sa suot niyang manipis na asul na t-shirt.

He was known to women as a love-them-and-leave-them type. Making commitments was an anathema to him. Kaya ang mga pinipili niyang makarelasyon ay iyong alam din niyang hindi naghahanap ng pangmatagalang relasyon o ng kahit anong hihigit pa sa paglabas ng kuwarto.

Pero bihasa siya sa pagbasa ng lengguwahe ng mga babae at iisa ang isinisigaw sa kanya ng nabasa niyang expression ni Carina: attracted ito sa kanya. Sa kabila ng touch-me-not attitude nito at pagpapakita ng inis ay may gusto ito sa kanya.

“Nasaan si Randall? Tinatawagan ko siya, pero hindi sumasagot. Naiwan ba niya ang cellphone niya dito?” tanong nito kay Kiko sa mas mataas na tono. Namumula ang mukha, kung sa pagkapahiya dahil sa pananabla niya o dahil sa itinatagong atraksyon para sa kanya, hindi niya sigurado.

“Naiwan niya sa opisina. May pinuntahan siyang kaibigan sa San Martin,” sagot ni Kiko.

“Bakit? May kailangan ka ba sa kanya?” tanong niya. Ewan kung saan nanggaling ang bahagyang yamot na bumangon sa dibdib niya nang mas piliin ng

dalagang humarap kay Kiko at talikuran siya.

“Wala ka na doon!” angil ni Carina.

“Siyempre nandito ako,” pilosopong sagot niya. “At teka, hmm... iyon siguro ang dahilan kaya ka nandito, ano? Para makita ako dahil na-miss mo agad ako. Kahapon lang tayo nagkakilala, hayaan mo naman munang makilala pa kita nang lubos bago mo ako ligawan.”

Natitiyak niyang tatalunin ng ngiti niya ang mga ngiti ng anghel sa kainosentehan, pero hindi iyon umubra kay Carina. Lalo pang tumaas ang mga kilay nito. “Hindi ikaw ang sadya ko rito! Huwag kang ilusyunado! Napakapresko mo! Ano ba’ng akala mo sa sarili mo? Guwapo? Hoy, kahit maghubad ka pa sa harap ko, hindi kita papatulan!” gigil na gigil na asik ng babae.

“Talaga? Subukan ko nga.” Dumako sa sintureras niya ang dalawang kamay niya, hindi ihinihiwalay ang mga mata sa mukha ng babae na iglap na namula at napamulagat sa nakitang aksyon niya.

“T-teka, a-ano’ng gagawin mo? Itigil mo iyan, bastos!” nagpa-panic ang tono nito, pero imbis na umatras o magtakip ng mata lalo pa itong nandilat nang tanggalin niya ang sinturon at akmang tatanggalin sa pagkakabutones ang pantalon.

“Sorry, may bayad nga pala ang panonood sa pagbu-burlesk ko.” Natatawang umiling si Rigo at muling isinuot ang sinturon.

Mukha itong aatakehin sa nerbyos, pero walang balak magpakita ng pagsuko. At kung hindi siya nagkakamali, panghihinayang ang tumawid na emosyon sa mga mata ng dalaga. Nang makahuma, saka lang naisip ni Carina na dapat ay may gawin ito bilang ganti.

“Bastos!” Lumagpak sa pisngi niya ang isang palad

nito. At maging sina Kiko ay nakatikim ng mabagsik na sulyap mula rito, gayong ni isa sa tatlo ay hindi malaman kung paano magre-react sa nasaksihan. Kita niya ang pagpipigil ng dalawa na magpakita ng kaaliwan; nag-aalalang ito ang pagbalingan ni Carina kaya nanatiling nakapinid ang mga labi at iwas sa kanya ang mga mata.

He assumed an innocent, wounded look but it was belied by the devilish twinkle in his eyes as he watched her face slowly redden in embarrassment and indignation.

“Paano ako naging bastos? Wala naman akong ginawang pang-Parental Guidance, ah. Hindi rin naman ako tumuwad sa harap mo. Alam mo ang hirap sa iyo, masyado kang pikon. Binibiro lang kita.” Sinapo ni Rigo ang kanang pisngi at eksaheradong ngumiwi kahit pa hindi niya halos naramdaman ang pagdapo roon ng palad ng dalaga.

Duda siyang binalak talaga nitong sampalin siya dahil wala man lang iyong puwersa. Tipong ginawa lang iyon ni Carina para kahit paano ay maibangon ang pride nito.

Tinalikuran siya nito matapos pukulin ng naniningkit na tingin. Wari ay hindi siya narinig.

Bumaling ito kay Mang Tasyo at sa tonong mas magalang ay humingi ng pabor sa matanda. “Pakisamahan naman ako sa bukana ng San Pedro. Kukunin ko ang kotse ko, pakidala na din ng spare tire at mga gamit dahil na-flat-an ako. Pati ‘yung spare tire sa trunk, flat din. Tumirik pa iyon kagabi kaya iniwan ko doon sa bukana.”

“Ha? Ah, eh, may ipinapatapos pa kasi si Randall sa akin. Kay Rigo ka na lang magpasama. Siya lang kasi ang libre ngayon, natapos na niya ang ginagawa niya kanina pa.”

“Ako na lang ang sasama sa iyo,” segunda niya.

“Hindi na bale!” angil ng babae bago nagmartsa palabas ng talyer. Tiyempong may tumapat na tricycle sa harap nito kaya mabilis itong nakasakay. Iiling-iling na sinundan niya ito ng tingin.

“Rigs, pare, payong kaibigan lang ha. Maraming babae dito sa San Pedro, pero kung si Carina ang natipuhan mo, mag-iingat ka lang. Sakit lang sa ulo at sa puso ang babaeng iyon.” Seryoso ang tono ni Kiko nang lumapit sa kanya at nakitanaw sa papalayong sinakyan ng dalaga.

Napakunot-noong nilingon niya ang kasamahan. Sa nasaksihan niya kanina, animo kaswal ang trato nito kay Carina, pero sa tono nito ngayon, tila first-hand na naranasan ng lalaki ang pagsakit ng ulo at puso dahil sa dalaga. Ipinagkibit-balikat lang niya iyon bago pumasok sa talyer at kinuha ang mga kakailanganing tools sa paggawa sa sasakyan ni Carina. Susundan na lang niya ito.



Gustong mapailing ni Rigo sa ayaw paawat na pagtatalak ni Carina sa kausap nito sa telepono habang paroo't parito sa gilid ng daan. Kasalakuyan niyang pinapalitan ang flat na gulong ng puting *Honda* nito, pero ang isang tainga niya ay nakatuon dito.

Na-curious kasi siya sa dahilan ng pagkalat ng katuwaan sa mukha ng babae nang makita sa screen ang numero ng tumawag dito. Kapag pala nakangiti si Carina ay tila kasamang ngumingiti ang mga mata, namumula ang mga pisngi at umaamo ang mataray na mukha. Subalit hindi nagtagal ang katuwaan nito, iglap ay napalitan iyon ng di-pagkapaniwala, pag-aalala at sa huli ay pagkairita.

“Kelsey, gumising ka! Alam mo ba'ng iniisip mo?”

Kasalanan sa Diyos ang binabalak mo. Hindi porque galit ka sa tatay ng anak mo'y makatuwiran nang patayin mo ang bata. Naku! Kung kaharap lang kita ngayon, sasakalin kita at iuumpog ang ulo mo sa bubong ng kotse ko!" gigil na anito sa kausap.

Bahagyang natawa si Rigo. Base sa panenermon nito sa kausap, nahinuha niyang kaibigan nitong babae ang nasa kabilang linya at pinipigilan nito iyong magpalaglag.

"Good! You do that. And I tell you, hindi kita tatantanan kaya ayusin mong pag-iisip mo. Tatawagan kita."

Matapos putulin ang tawag ay tumingala si Carina sa langit. Bumunot ng malalim na paghinga at dahan-dahang pinakawalan iyon. Si Kelsey ay ang seventeen-year-old na ate ng estudyante niyang si Jimmy Boy. Ulila na sa mga magulang ang dalawa at sa lola nito nakapisan. Naging malapit sa kanya si Kelsey mula nang ito ang dumating nang magpatawag siya ng guardian na makakausap tungkol sa kapatid nitong real-life *Dennis the Menace* sa kulit at likot.

Kelsey was a rebellious and defiant teenager na hindi makahanap ng uunawa sa kalituhan nito dahil ang lola nito ay masyadong abala sa pagiging sikat na surgeon kaya napabayaang ito pati na si Jimmy Boy. She was able to get close to Kelsey and soon befriended the girl. Siya ang nilalapitan nito kapag kailangan ng payo at ngayon nga ay ang problema nito sa aksidenteng pagbubuntis. At marahil sa kalituhan at kawalan ng malalapitan, naisip nitong ipalaglag na lang ang bata. Mabuti na lang at naisipan muna nitong tawagan si Carina kundi ay tiyak na nagawa na nito ang binabalak.

"Sa takot niyon sa iyo, tiyak kong hindi na niya itutuloy ang binabalak niya kaya relax ka lang at baka ma-stroke ka pa niyan," biglang komento ni Rigo.

Mabilis siyang napabaling dito. Kung marunong lang siyang mag-ayos ng makina ng kotse, nunca niyang tanggapin ang tulong ng lalaki. Ni hindi niya inaasahan ang pagsunod nito sa kanya kanina. Imbis na maghintay pa ng ibang maaaring gumawa sa kotse niya, hinayaan na rin niya itong pakialaman ang kanyang sasakyan.

Abala pa rin ang binata sa pagkakabit ng bagong gulong pero base sa sinabi nito ay walang dudang pinakinggan nito ang pakikipag-usap niya kay Kelsey.

“Napakawalang modo mo talaga! Bakit ka nakikinig sa usapan namin?” Pinamaywangan niya ito.

Nakaarko ang mga kilay na nilingon siya ni Rigo. “Sa lakas ng boses mo habang nagtatalak ka diyan kanina, kahit takpan ko’ng tainga ko, maririnig ko pa rin ang boses mo.” Tumayo ito at ginamit ang hinubad na t-shirt para ipamunas sa pawisang mukha at dibdib.

At the sight of his sweaty, well-defined torso, all thoughts of Kelsey and her problem flew out of her mind. Para siyang kumain ng sandamakmak na sili sa init ng pakiramdam niya. Kahit sa ex-fiancé niya, hindi pa naranasan ng dalaga na maakit nang ganito sa hubad-barong dibdib ng isang lalaki. Malamang dahil ngayon lang siya nakakita ng ganito kaperpektong katawan.

“Carina? Bakit? Na-heatstroke ka na siguro. Sabi ko kasi sa lilim ka na maghintay.” Nag-aalala ang boses at kunot-noong napalapit ito sa kanya.

Maagap siyang umatras palayo. Naiinis na siya sa sarili. Ano ba ang nangyayari sa kanya at ganito na lang kung mag-react ang katawan niya sa lalaking ito? To think that she did not even really like the guy and she was suspicious about his background.

Kumalat ang panunuya sa mukha ni Rigo habang dahan-dahang ibinababa ang kamay na nasa aktong

sasalatin ang noo niya. “Huwag kang mag-alala, wala akong nakakahawang sakit,” angil nito bago tumalikod sa kanya at yumuko para ligpitin ang mga gamit. Hayag sa kilos nitong nainsulto ito sa inakto niya.

“Hindi naman... wala akong...” Wala siyang maapuhap idahilan sa pag-iwas rito dahil alangang aminin niya ritong labis lang siyang napahanga ng kakisigan nito kaya siya napatanga at mas piniling umiwas kaysa ipagkanulo ang sarili.

Niyaya ito ni Carina na sumabay na sa kanya. Hayag sa anyo nito ang pagpipigil ng inis. Buong ingat na isinara ng lalaki ang pinto ng kotse na para bang nag-aalalang ipagkanulo ng sarili ang tinitimpi nitong hinahon.

“Kawawa naman ang mapapangasawa mo, tiyak gagawin mong under de saya,” palatak nito mayamaya.

Humigpit ang hawak niya sa manibela. “Wala na akong balak mag-asawa pa, kaya wala kang kabaro na dapat mong kaawaaan.” Mahinahon ang tono niya ngunit pinasisinungalingan iyon ng rumaragasang emosyong nakasalaman sa mga mata niya.

Ramdam niya ang init ng titig ng binata, ang kuryusidad na nakapaloob doon.

Napasipol ito at napailing, waring hindi makapaniwala. “Ganoon mo kamahal ang dating nobyo mo? Na dahil nasaktan ka niya sa pag-atras sa kasal ninyo noon ay wala ka nang balak sumubok makipagrelasyon pa ulit?”

Pagak na natawa si Carina. Hindi na niya kailangang itanong kung paano nito nalaman ang tungkol sa naudlot niyang kasal. Wala yatang taga-San Pedro ang hindi nakakaalam ng tungkol doon. Kilalang pamilya ang mga Salvilla, ang angkang pinagmulan ng dikyang iyon, kaya kahit pa siguro tinangka nilang sarilinin ang mga detalye ng hindi pagkakatuloy ng

kasal ay wala ring epekto.

Malamang isang kapitbahay nila o kababayan ang nakabanggit dito niyon.

“Hindi ba parang hindi naman yata patas iyon sa ibang lalaking maaaring magkagusto sa iyo? Hinuhusgahan mo na sila agad dahil sa kasalanan ng gagong ex mo?” patuloy ni Rigo.

Walang pangungutya o panghuhusga ang tono nito, parang gusto lang talagang malaman ang dahilan niya. Hindi tulad ng sariling pamilya niya na hindi naniniwalang kaya niyang patotohanan ang sumpang hindi na mag-aasawa kahit kailan. Kung alam lang ng mga ito, hindi si Chad mismo ang rason ng kumbiksyon niyang huwag nang mag-asawa, kundi ang sariling kakulangan niya mismo. A personal defect that would make her dreams of someday having a family of her own impossible. A horrible truth that she only found out a week after Chad jilted her. Pero wala siyang lakas ng loob na aminin sa sariling pamilya ang tungkol doon.

“Ikaw, kailan mo balak mag-asawa? You’re what? Thirty-three? Thirty-four? Ikaw ang mas kailangan nang mag-asawa, matanda ka na,” ani Carina.

Animo nainsultong nagsalubong ang mga kilay nito.

“Treinta pa lang ako,” pagtatama nitong tila nasagi ang vanity sa pananadya niyang dagdagan ang edad nitong naitanong na niya sa ina.

She grinned unrepentantly and shrugged. “Matanda na din iyon. So tell me, kailan mo balak mag-asawa?”

Umarko ang mga kilay nito na waring sinasabing alam nitong sadyang iniiwasan lang niyang sagutin ito kaya ibinalik niya rito ang tanong. Subalit mas pinili nitong palagpasin siya sa pagkakataong iyon.

“Wala akong planong *magpasakal* kahit kailan. So if you’re proposing marriage, sorry, babe. You may own the sexiest pair of legs that I’ve ever seen, but no

can do. Mahal ko ang buhay ko, salamat na lang.” Eksaherado ang pagtanggap ni Rigo; anyong nagbibiro pero nahihimigan din niya sa tono ang kaseryosohan sa sinabi.

Bahagya siyang namula sa disimuladong pagpuri nito sa legs niya. Natutukso tuloy siyang batakin pababa ang suot na pink shorts. Pero baka makita siya ng lalaki at tudyuhin kaya nagkunwa na lang siyang hindi napansin ang papuri nito. She glanced at him and gave him a withering look.

“Don’t worry, wala akong masamang balak sa bachelorhood mo. Pero pinatutunayan lang ng pag-ayaw mo sa pagpapakasal ang katalinuhan ng pasyong huwag nang mag-asawa. Hindi talaga lahat ng tao ay made for marriage. Siguro ganon din ako, pero hindi iyon dahil bitter ako sa paghihiwalay namin ni Chad.”

Tumango si Rigo, pero nang bumuka ang bibig ay hindi pagsang-ayon ang lumabas na mga kataga mula rito. “Pero babae ka at lalaki ako—”

“Pansin ko nga,” mahinang pakli niyang napasulyap muli sa matitipunong braso at dibdib nitong animo nang-aakit sa lahat ng kahinaan ng isang babae. “With all those bulging biceps and pectorals.” She did not mean for him to hear her, pero base sa bahagyang pagngiti nito at pilyong pagkindat ay nahinuha ni Carina na nakarating din sa tainga nito ang bulong niya. Nayayamot na binilisan niya ang pagmamaneho, hoping against hope that he would ignore what she said. Ngunit wala man itong ibinigay na komento ukol sa sinabi niya, desidido pa rin ang binata na tapusin ang gustong sabihin kanina.

“Natural sa inyong mga babae ang nesting instincts, iyong lumikha ng sariling pamilyang mamahalin at aalagaan. Bibihira ang kilala kong babae na ayaw

mag-asawa't magkaanak. One day old pa lang yata kayo'y idini-drill na sa utak ninyong pagdating ninyo sa ganitong edad, dapat ay may successful na lalaki na kayong nakilala na isang araw ay hahatakin ninyo sa altar."

May bahid ng kaunting panunuya sa tono nito. Napaisip tuloy si Carina kung ilang beses na itong pinilit, tinakot o pinagtangkaang i-blackmail ng kung sinong babae sa buhay nito para magpakasal. He sounded a bit bitter and irritated by the idea of a woman wanting marriage.

"What century are you in? Bagong milenyo na ngayon, Rigo. Ang dami nang career-oriented at independent na babae ngayon. Hindi lahat ay pagiging plain housewife lang ang pangarap."

Matamang pinagmasdan siya nito. At kahit hindi niya ito lingunin, ramdam niya ang duda sa titig nito sa kanya.

"Pero hindi ka kabilang sa mga iyon. Tingin ko gusto mo pa ding mag-asawa at magkaanak, natatakot ka lang na sumubok magtiwala ulit. Just give it time, sooner or later, you'd meet some man and I bet you'd either be ordering him or begging him to bring you to the altar," anitong sinundan ng pabale-walang pagkibit ng mga balikat. "Nagugutom na ako. Hanap ka ng makakainan natin, libre ko."

Hindi pa man nakakaisip si Carina ng ibabalik na singhal dito, napalitan na nito ang topic ng usapan.

Tama ito, gusto nga talaga niyang magkaasawa't magkaanak pero dahil baog siya at hindi kailanman maaaring maging ina, unti-unti na niyang tinuturuan ang sariling tanggapin ang pag-iisa niya sa buhay. Ngunit hindi ang mahusay nitong perception tungkol sa kanya ang bumabagabag sa likod ng kanyang utak. It was something he said a few minutes ago.

“Sa daan ka tumingin, Binibini, huwag sa guwapong mukha ko.” Nakaarko ang mga kilay na sinalubong ni Rigo ang kunot-noong tingin niya rito.

“As if!” ingos niya. “Sa bayan pa may matinong makakainan dito at wala akong balak pumunta doon ngayon. Kaya pumara ka na lang ng jeep diyan sa may Daang-Krus.”

Pagbaling ng ulo ni Carina rito ay noon umilaw sa isip niya kung ano ang kakaibang bagay na napansin niya rito. Nang mag-English ito kanina ay derecho ang dila nito na para bang sanay na sanay gamitin ang lengguwaheng iyon. Hindi ito barok at hindi matigas ang bigkas sa bawat kataga. May bahid pa nga ng American accent.

“Saan ka nag-college, Rigo?” Kaswal ang tono niya upang itago ang paghihinala. Sabi ni Mamang ay highschool drop-out daw ang binata.

Sinulyapan siya nito. Mabilis na dumaaan sa anyo ang patas na sukat ng kaaliwan at yamot sa sarili. May hinala siyang paghanga iyong isa pang emosyong mabilis na dumaaan sa mga mata ng kaharap.

“Hanggang third year highschool lang ang natapos ko. Kinailangan ko na kasing tumulong kina Itay sa pagtatrabaho para may makain ang pamilya namin. Pero kung nakapagtapos siguro ako, malamang ako ang valedictorian n’ung batch namin. Hindi sa pagmamayabang, pero matalino ako at mahilig magbasa. Mabilis din akong matuto kaya iyong mga English na palabas na napapanood ko sa TV na talagang pinag-ipunan ko pa ng mahigit isang taon ang pambili, sinadya ko talagang pag-aralan. Pati accent ng pagsasalita ng mga artista ginaya ko. Kaya hindi mo ako puwedeng tawaging mangmang na hindi makapagsalita o marunong umintindi ng salita ng mga ‘Kano.” Nagulat siya sa pait ng tono ng lalaki at bahid

ng pag-aakusa sa kanya.

“Wala akong ibig sabihing ganoon. Nagtatanong lang ako,” depensa ni Carina. Bagaman nakadama rin ng pagkapahiya.

“Talaga? Nagtatanong o nanunubok? Nasabi na sa iyo ni Tiyo Paeng kung sino ako, pero mukhang duda ka pa din sa akin. Sa maniwala ka’t sa hindi, hindi ako ax-murderer na bigla kayong pagtatagpasan ng ulo habang natutulog kayo. At hindi porque wala akong natapos tulad mo’y mahina na’ng pang-intindi ko. Iyon ang iniisip mo, di ba? Na ang laki-laki ng katawan ko, pero wala namang laman ang ulo?” The tilt of his strong, squared jaw and the challenging look in his eyes dared her to deny his charge.


“Oo, inaamin ko, duda nga ako sa iyo, pero masisisi mo—”

Natigil ang pagsasalita ng dalaga nang biglang mag-ring ang cellphone niya. Ang Mamang niya ang tumatawag. Pinapadaan siya nito sa kabayanan at pinabibili ng tela para sa tatahiin nitong kurtina. Pagkatapos ng tawag ay nilinga niya si Rigo.

“Bukas pa ba ang alok mong manlibre ka? May ipinabibili si Mamang sa Bayan, eh.” Kinabig ang manibela at walang abisong nag-U-turn matapos makitang wala silang kasunod na sasakyan o makakasabay sa kabilang lane.

“Damn!” mura ni Rigo na mahigpit na napakapit sa upuan dahil sa gulat. “Hindi ka dapat binigyan ng lisensya! Takaw-disgrasya ka!”





“My decision is final. Sa ayaw at sa gusto mo ay magpapakasal kayo ni Jason,” may conviction sa tono ng boses na pahayag ni Mr. Miguel Arellano. Kausap nito ang anak na dalaga.

Napatayo si Andy. “You can’t force me to marry that guy, Daddy. Hindi ko gustong magpapakasal sa kahit na sino lalong-lalo na sa mayabang na lalaking iyon!” mariing tutol niya.

Her dad had just dropped the bomb a while ago. Sinabi nito na kailangan niyang pakasalan si Jason—her nemesis. Bata pa siya ay galit na galit na siya sa lalaking iyon. That guy made her childhood a living hell. Pagkatapos, malalaman niyang she was bound to marry the guy? And what for? Para lang matuloy ang matagal nang kasunduan ng kanilang mga amang nagkataon na matalik na magkaibigan? Over her dead beautiful body! No way!

“I did not ask for your approval, young lady. I am merely informing you. Sa susunod na linggo ay uuwi na ang pamilya ni Jason dito para pag-usapan ang detalye ng kasal at sinasabi ko sa iyo ito, Ann Diane,

pakitunguhan mong mabuti sina Jason dahil kun—”

“Why are you doing this to me, Daddy?” putol niya nang may pagdaramdam. “Have I not been a good daughter to you kaya pinarurusahan mo ako nang ganito?”

Her father’s features softened. “It’s not that, Andy. I know what’s best for you. Mapapabuti ka kapag si Jason ang napangasawa mo.”

“But, Dad, hindi pa ’ko handang mag-asawa. Marami pa akong plano sa buhay ko and marrying at this point in time isn’t one of them. At bakit ba nagmamadali kayong ipakasal ako?”

“I’m sorry, Andy, but as I’ve said my decision is final. Matagal na namin itong napagkasunduan ng mga magulang ni Jason. And you know me, I don’t break the promises that I make.”

“Mom...” hinging-saklolo niya sa inang si Marian na nakaupo sa tabi ng kanyang ama.

“I’m so sorry, hija. Your dad is right. It’s for your own good,” sagot ng ginang.

“Hindi ko alam kung bakit pinagkakaisahan ninyo ako. How could you know what’s best for me? Are you living my life for me?” may galit nang himutok niya bago patakpong nilisan ang kanilang library kung saan sila nag-uusap ng mga magulang.

Nang marating ng dalaga ang kanyang silid ay saka niya lamang pinakawalan ang luhang kanina pa pinipigil. Hindi niya lubos-maisip kung paanong nagawa ito sa kanya ng mga magulang. Nakalimutan na ba ng mga ito kung paano ginawang miserable ng lalaking iyon ang kanyang kabataan?

Naging magkapitbahay at magkaklase sila ni Jason but they never became friends. Madalas kasi siya nitong inaasar at pinapaiyak. Hindi na niya mabilang kung ilang beses siya nitong ipinahiya sa harap ng kanilang mga kaklase. Kasabay ng masaganang pagdaloy ng

kanyang luha ay unti-unting bumalik ang nakaraan...

“Aha! Ano ’yang sinusulat mo?” mayabang na tanong ng pitong taong gulang na si Jason.

Andy tried to cover her notebook. “Ano naman ang paki mo kung ano man itong sinusulat ko? Bakit, ikaw ba’ng bumili nitong notebook para sa akin?” mataray na balik-tanong niya.

“Patingin nga,” he said while trying to snatch the notebook away from her.

Kipkip ang kuwaderno sa kanyang dibdib, hinarap niya ito. “Bakit ko naman ipapakita sa iyo ito?”

“Siguro sinusulat mo na naman diyan na may crush ka sa akin, ’no?” panghuhuli nito.

Namula si Andy. What he said was true. Kahit pa lagi siya nitong inaasar ay lihim pa rin siyang humahanga rito.

“Kita mo, namumula ka na diyan. Sabi ko na nga ba, may crush ka sa akin. Pero sorry ka na lang. Di ko type ang patpating katulad mo. Para kang butiking maputla!”

Nagtawanan ang kanilang mga kaklase; nangilid ang kanyang luha.

“O, ano, iiyak ka na? Classmates, umiiyak din pala ang mga butiki?” pang-aasar pa nito.

“Ang sama-sama mo!” singhal niya bago ubod-lakas na tinapakan ang paa ng lalaki. Napahiyaw ito sa sakit. “Buti nga sa iyo, mayabang!” sigaw niya bago nagtatakbong palayo.

Hindi niya alam kung ilang oras niyang iniyakan ang pangyayaring iyon. Labis siyang napahiya sa ginawa ni Jason. Ayaw na sana niyang pumasok pa sa eskuwela kung hindi lang sinabi sa kanya ni Laila, ang kanyang best friend na lalong matutuwa ang hudyo kung bigla na lang siyang hindi papasok sa klase. Ibig kasing sabihin niyon ay natalo na siya nito.

When they were in grade two, sila ang napiling

muse at escort ng klase. She would not forget the look on his face and the words that he said that day.

“Teacher, p’wede bang hindi na lang ako ang escort? Ayaw ko pong um-escort sa isang butiking maputla na tulad ni Ann Diane,” pahayag nito.

“Tingin mo sa sarili mo niyan talagang guwapo ka na? Eh, ano na nga pala ang hitsura ng pangit kung guwapo ka pala?” balik-pang-aasar niya.

Naningkit ang mga mata ni Jason. “Kung hindi ko pa alam na may crush ka sa akin. Hindi mo na sana isinusulat sa likod ng notebook mo ang pangalan ko,” mayabang na sagot nito.

“Bakit mo alam?” mataray pa ring balik-tanong ni Andy bagaman may halong katotohanan ang mga sinabi nito.

“Hindi ba totoo naman? Nagkakaila ka pa diyan. Kung hindi ko pa alam tuwang-tuwa ka na ako ang escort mo—”

Kung hindi pa sila sinaway ng kanilang guro, hindi matatapos ang pagtatalo nila.

Kaya niyang palagpasin lahat ng iyon, pero hinding-hindi niya makakalimutan ang isang araw na ikulong siya nito sa attic ng bahay nina Laila. They were playing hide-and-peek kasama ang kanyang kapatid na si Dale at pinsan niyang si Jared. Jason was there too pero nag-oobserba lamang ito. Siya noon ang taya at kasalukuyang hinahanap ang mga kalaro nang lapitan siya nito.

“Nakita kong nagtago sila sa attic,” sabi nito sa kanya. *Tumingin siya rito, nagtataka.*

“Bakit naman ako maniniwala sa iyo?” tanong ni Andy.

“Kung ayaw mo, di huwag. Ikaw na nga itong tinutulungan,” sagot nito.

“Hindi ka nagbibiro? Hindi mo ako niloloko lang?” paniniguro niya.

“Bakit naman kita lolokohin? Gusto mo, samahan pa kita.”

Tumango siya. “Bakit ang bait mo yata ngayon?” tanong niya habang binabaybay nila ang hagdanan paakyat sa attic.

Ngumiti ito. “Ayaw mo?”

Ngumiti rin siya. “Gusto.”

Nang marating nila ang attic, niluwangan ni Jason ang pagkakabukas ng pinto niyon. “Ladies first,” he said, smiling mischievously.

Pumasok siya sa loob ng attic. Nakakailang hakbang pa lang siya palayo sa pinto nang muling magsalita si Jason.

“Utu-uto!” saka nito kinabig pasara ang pinto.

Tinakbo ni Andy ang pinto ngunit tuluyan na iyong naisara. Pinihit niya ang seradura ngunit naka-lock iyon. Natatakot na kumatok siya.

“Jason, buksan mo ang pinto!” she said.

“Eh, kung ayoko?” pang-iiinis pa nito.

“Please, buksan mo ang pinto. Madilim dito sa loob, natatakot ako!”

“Hala, lagot ka. Madami pa namang mumu diyan,” pananakot nito.

Nang matiyak niyang hindi nga nito bubuksan ang pinto ay nangangapang naglakad-lakad siya. Kailangan niyang mahanap ang switch ng ilaw. Napasigaw siya nang matisod siya sa paa ng upuan. Nawalan siya ng balanse at bumagsak sa sahig. Naramdaman niyang parang may matulis na bagay na humiwa sa kanyang braso. Nanghilakbot siya. She was sure there was blood. Muli siyang sumigaw. Noon niya narinig ang pagpihit ng seradura.

“Bakit ayaw bumukas ng pinto?” Boses iyon ng kanyang Kuya Dale.

“Sira ’yan. Kaya nga hindi ’yan masyadong isinasara,” sagot ni Laila. “Ano ba naman kasi ang

ginawa mo, Jason?"

"Biniro ko lang naman si Ann Diane," sagot ni Jason.

"Biniro? Sige, ngayon ayaw bumukas ng pinto.

Sabihin mong biro pa ito," asar na turan ni Dale.

Binatukan naman ni Jared si Jason na masamang tingin ang ibinigay rito. "Tingnan mo'ng ginawa mo."

"Kuya, please let me out!" umiiyak na hingi niya ng tulong sa kapatid.

"Hindi namin mabuksan ang pinto. Wait there, okay? I'll call for help," sagot ni Dale. "Jared, Laila, stay there. Huwag n'yong iiwan si Andy."

Ilang sandali pa ay nadinig niyang nagkakagulo sa labas ng pinto. "Andy, baby, are you okay?" Nag-aalalang tinig iyon ng kanyang ama.

"Daddy, there's blood. Help me," she sobbed.

Sobrang sakit na ng kanyang braso at katawan.

"Stay calm, okay? Daddy's gonna get you out of there," her father's soothing voice said.

"Hurry, Dad, please. It's painful," pagmamakaawa niya habang nanghihina. Nai-imagine pa lang niya ang dugong lumalabas sa kanyang braso ay nauubusan na siya ng lakas.

Nang mabuksan ang pinto ay mabilis na tumakbo ang kanyang ama patungo sa kinaroroonan niya. He took her in his arms and said, "Daddy's here now, baby. Stop crying."

Despite the pain, she smiled. "Thanks, Dad," she said before drifting off to unconsciousness.

After that day, Andy refused to talk to Jason ever again. Kahit anong paghingi nito ng paumanhin ay hindi na niya ito pinansin pa. Maging nang matuloy na ang pag-alis ng pamilya nito patungong States ay hindi pa rin niya kinausap ang kababata. Kahit ang mga overseas calls or letters ng lalaki ay hindi niya pinagtuunan ng pansin. She vowed that as long as the scar on her arm was visible, hinding-hindi niya

patatawarin si Jason.

Ngayon, pagkalipas ng mahigit labinlimang taon ay muli itong darating para sa kanilang kasal? Mababaliw na siya sa kaisipang iyon.

Kailangan niya ng kausap kung kaya tinawagan niya si Laila. Nakakailang ring na ang telepono ay wala pa ring sumasagot. Kunsabagay, anong oras na nga ba?

Nilingon niya ang wall clock; alas tres ng madaling-araw. Malamang nga ay tulog pa ang babae. Ibababa na sana niya ang receiver ang marinig niya ang inaantok na tinig ng kaibigan.

“Hello?” bati nito. Napasinghot siya. “Andy?”

Sumigok siya bago nagsalita, “Lai, s-si Daddy...”

“Ano’ng nangyari kay Tito Miguel?”

“He’s forcing me to get married. He said pagdating ng mga Villarama, they will talk about the wedding plans. Lai, I don’t know what to do.” Muli siyang umatungal ng iyak. Alam niyang hindi halos maintindihan ng kausap ang mga pinagsasabi niya because she was choking every word.

“Wedding? Sino’ng ikakasal?” takang tanong nito.

“I am the one getting married!” bulalas niya bago eksaheradong umiyak.

Napatawa si Laila. “Oh, come on, Andy. Inistorbo mo ang pagtulog ko ’tapos paglolokohin mo lang ako?”

“Do I sound like I’m joking?”

“Paano ka naman kasing ikakasal, eh, wala kang boyfriend,” her friend said matter-of-factly.

“That’s the point. Ipinagkasundo ako ni Daddy sa isang walang-kuwenta at pinakamasamang lalaking nakilala ko.” There was anger in her voice.

“Kay Jason?” hula ni Laila. Kabisado na nito ang tono niya kapag ang lalaking iyon ang pinag-uusapan.

Pagkarinig sa pangalan ng kababata ay muling naiyak si Andy. Narinig niya ang marahang pagtawa ng kaibigan sa kabilang linya.

"I'm glad napapatawa kita, Laila," sarkastikong pahayag niya.

"Ands, it's not that. But aren't you just overreacting? The guy has been in the States since what? Since we were seven?"

"Eight," she corrected.

"Yes, eight. Don't tell me, hanggang ngayon galit ka pa din sa kanya? Antagal mo na siyang hindi nakikita and you even refuse to hear anything about him," Laila stated.

"Hindi ko makakalimutan ang kasalanan sa akin ng pangit na 'yon, ever!" Napatiiim-bagang siya.

"Itulog mo na lang iyan, Andy. Tomorrow, when you're properly rested, makakaisip ka rin ng paraan para masolusyunan ang problema mong iyan."

"I hope you're right, Lai," she said and sighed. Sana nga ay may kasagutan pa ang suliranin niya. Hindi niya kayang mabuhay kasama ang lalaking kanyang kinaiinisan. Never.



"O, ano? Okay ka na?" tanong sa kanya ni Laila kinabukasan nang magkita sila sa opisina ng *Plates and Platters*, the restaurant that they put up after they graduated from college.

"Paano naman ako magiging okay? Sabihin mo nga sa akin?" aniya sa sarkastikong tinig.

"Malay mo naman, okay pala si Jason."

"Kung noong mga bata pa tayo ay hindi na kami magkasundo, ngayon pa kayang malalaki na tayo? Gosh, I can't imagine sharing the rest of my life with that creep!

Tumaas ang kilay nito. "Creep? Sa pagkakatanda ko, hindi mukhang creep si Jason."

"Sino ba sa aming dalawa ang best friend mo? Ang pangit na iyon o ako?"

“Sinabi ko nga creep si Jason,” natatawang pagbibigay ng kaibigan. “So, ano ngayon ang plano mo?” muling tanong nito habang nag-aayos ng mga files nito.

“Plano? Ewan ko. Ayaw kong magpakasal, Lai. Naman! Hindi pa ‘ko handa doon. I still love my freedom,” reklamo niya. “Maglayas na lang kaya ako?”

Namangha ito. “Maglayas! Ano ka ba naman, Andy. Kung kailan ka tumanda, saka ka maglalayas?”

“Mag-hire na lang kaya ako ng taong sisigurong hindi makakauwi ng Pilipinas si Jason? O kaya ipa-kidnap ko kaya siya paglabas niya ng airport? O kaya ipa-salvage—”

“Andy!” bulalas ng kaibigan niya.

“What?”


“Napaka-violent mo namang mag-isip!” sita nito. “Maanong kausapin mo si Jason pagdating niya. Malay mo, pareho pala kayong tutol sa kasal na iyan. Solved ang problema mo kung sakaling ayaw rin pala niyang *magpasakal* sa ‘yo,” suhestyon nito.

“In fairness, you’ve got a point. Matalino ka talaga, parang ako. No wonder, magkaibigan nga tayo,” patangu-tangong pahayag ni Andy.

“Maloloka talaga ako sa iyong babae ka!”

Napuno ng kanilang mga halakhak ang opisina.





Kapapasok pa lang ni Andy sa bahay ay dinig na niya ang masayang tinig ng kanyang ama. May nadinig din siyang pamilyar na timbre ng boses ng isang lalaki. At hindi niya maintindihan kung bakit may kabang hatid ang tinig na iyon sa kanyang dibdib.

Pumasok siya para sinuhin ang nagmamay-ari ng tinig. Nang makapasok siya sa sala ay nakatalikod sa kanya ang bisita ng ama. Tumikhim siya para ipaalam ang presensya.

“Andy, hija, nandito ka na pala,” bati ni Mr. Arellano. Pigil niya ang hininga habang hinihintay ang pagharap ng bisita at parang on-cue ay humarap ito... and had she not seen the most handsome face on the planet?

The man smiled at parang tinambol ang kanyang dibdib nang maalala ang pamilyar na ngiting iyon. Geez, she was swooning over the enemy!

“Good evening, Daddy,” walang-buhay na bati niya bago humalik sa pisngi ng kanyang ama. “Akyat lang po ako, Dad. Magpapahinga muna ako nang konti,” paalam niya.

“Hindi mo man lang ba babatiin si Jason?” tanong

ng kanyang ama.

“Hi, Jason,” malamyang bati niya at hindi man lang ito tinapunan ng tingin.

“Hi, Andy,” he greeted back, smiling.

So what if he got the brightest and sexiest smile in the universe? “Ano’ng masamang hangin ang umihip sa iyo at naisipan mong umuwi ng Pilipinas?” sarkastikong tanong niya.

“Ann Diane!” saway ni Mr. Arellano sa mapanganib na tono.

“Why, Dad?” painosenteng tanong niya.

“It’s okay, Tito. Pagod lang po siguro si Andy,” sabi ni Jason.

“Wow! For a change naging mabait ka na yata ngayon. O pagpapanggap pa din ’yan para makaisa ka ulit?” asik niya.

“Stop it, Andy.” May pagbabanta na sa tinig ng kanyang ama.

“Aakyat na ako, Dad. Bababa na lang ako pag wala nang masamang hangin dito,” pahayag niya bago dere-derechong lumakad patungo sa hagdanan. Walang nagawa ang dalawang lalaki kundi ang panoorin ang pag-akyat niya sa mga baitang upang pumunta sa kanyang silid.



Pagkalipas ng mahigit labinlimang taon ay muli silang nagkita ni Jason. Lalong gumuwapo ang lalaki sa paningin ni Andy. His eyes were still the same with that mischievous glint. His nose was slightly crooked bagaman hindi masyadong halata, his lips were naturally red and he got perfect tan complexion and perfect physique. All in all, he was a hunk.

But not my type, dugtong ng isip niya habang nakaharap sa salamin.

Not your type but you were just swooning over him a

while ago, her mind said.

“I’m not,” tanggi niya.

Sinaway niya kaagad ang sarili sa ginagawang pag-iisip. “Hoy, Ann Diane Arellano, tigilan mo na ang kabaliwang ito. Hindi si Jason Villarama ang lalaking para sa iyo. Isa siyang kaaway. See this?” Itinaas niya ang brasong may peklat. “This shall remind you of all the mishaps that man had put you through. For all you know, may niluluto na naman siyang kabulastugan kaya kunwari nagbabait-baitan. Now, gather your wits and show that man what you’ve got.”

“Andy, hija, may kausap ka ba diyan?” mula sa labas ng kanyang silid ay tanong ng kanyang ina.

“Ah, wala po, Mom,” aniya na napangiwi.

“Bumaba ka na at kakain na tayo.”

“Busog pa po ako.”

“Please, Andy,” pakiusap ng ginang.

Napabuntong-hininga siya. “Okay. I’ll be down there in a minute.”



“Hanggang ngayon ba’y galit ka pa din sa akin, Andy?” mula sa kanyang likuran ay tanong ni Jason. Pagkatapos nilang kumain ay nagtungo siya sa verandah para magpahangin. Hindi niya alam na sinundan pala siya roon ng binata.

“May dahilan ba para matuwa ako sa iyo?” balik-tanong niya. “Ako pa na tinawag mong butiking maputla?”

“My God, Andy! More than fifteen years had passed and still hindi mo pa rin ako napapatawad hanggang ngayon?”

Humarap siya rito. “Oo nga. Labinlimang taon na ang nakakalipas, pero hindi pa rin nabubura ang pilat na nagpapaalala ng mga kasalanan mo sa akin.” Ipinakita niya rito ang brasong may peklat. “Nakikita

mo ito? I almost died in that attic, Jason!” sumbat niya at ibinaba ang braso. “Sa tingin mo ba gan’un kadaling kalimutan iyon, lalo na’t sa bawat sandali ay may nakakapagpaalala sa akin ng araw na iyon?” galit na turan niya.

“I know malaki ang kasalanan ko pero intindihin mo naman, mga bata pa tayo noon. I didn’t mean to hurt you then. Kahit kailan hindi ko ginustong saktan ka.”

“Hindi mo ginustong saktan ako?” ulit niya.

“Magtataka ka ba kung hirap akong maniwala sa mga sinasabi mo? You can’t blame me, can you?”

“Please, Andy. Try to be reasonable. Sooner or later ay ikakasal tayo and I would want that marriage to work out—”

“Marriage? Who said I’m going to marry you? Hindi ko gustong magpakasal sa iyo, Jason!” pakli niya.

“I guess wala na tayong magagawa sa bagay na iyon.” Nagkibit-balikat pa ito. “Our parents already decided on it.”

Napapantastikuhang tiningnan niya ito. “At sino’ng nagsabing wala? Buhay ba nila ang nakataya sa kasal na iyon? At isa pa, bakit ka pumapayag sa kagustuhan nila? Don’t you have a life of your own?” tila ratrat ng machine gun na sunud-sunod na tanong niya.

“Hindi ko gustong suwayin ang mga magulang ko, Andy. Matatanda na sila at hindi ko ginustong bigyan pa sila ng problema,” kalmadong sagot ng lalaki.

“Oh! So suddenly you became the most obedient son on earth?” sarkastikong turan ni Andy. Hindi ito sumagot. “Wala ka bang girl—wait.” Nanlaki ang kanyang mga mata sa naisip. “Are you gay?” tanong niya habang pigil ang hininga. *Oh, God, huwag naman po sana. Sayang ang genes*, piping dasal ng kanyang isip.

Jason chuckled. “What made you think I’m gay?”

“If you’re not gay, bakit hindi ka tumanggi sa arranged marriage na iyon?” Wala sa loob na napakagat-

labi siya.

“Dahil lang doon bakla na ako?”

“You’re not gay?” paniniguro niya.

Muli ay natawa ang binata. Unti-unti itong lumapit sa kanya. When he was a few inches away from her, he stopped. “Want me to prove that to you, honey?” he asked, his eyes focused on her lips.

Napalunok si Andy. “No need,” mabuway niyang sagot.

Lumapit pa ito sa kanya. She could smell his manly scent. “Really?”

“Yes,” matatag na tugon niya.

“Yes what, honey? Yes, I need to prove to you that I’m not gay?” Bakit ba ang gulo nitong magtanong? Was he deliberately rubbing her off her senses? Nang hindi siya sumagot ay muli itong nagsalita. “In that case, let me prove it.”

Before she knew it, he was kissing her already. His lips were testing, tasting, just like a sweet caress. She could not help but respond to his kisses. Learning was not so hard. Ginaya lamang niya ang marahan at banayad na hagod ng mga labi nito. Nang halos pangapusan na sila ng hininga ay saka lamang sila dahan-dahang naghiwalay.

“Have I made my point, honey?” Jason asked a little while later, his signature lopsided grin on his face.

Kasabay ng pamumula ng mga pisngi ay napipilan si Andy. She needed to have a smart comeback. Hindi siya makapaniwalang hinayaan niyang nakawin sa kanya ng lalaking ito ang kanyang first kiss. Paano na ang vow niya na ang lalaking mapipili niyang mapangasawa lang ang makakahalik sa mga labi niya?

“Just because you can kiss a woman, ibig sabihin hindi ka na gay. May mga bakla ngang may anak, di ba?”

It was Jason’s turn to be speechless. Pagkalipas ng ilang sandali ay sumilay ang isang pilyong ngiti sa mga

labi nito. "In that case, let's take it to a higher level," anas nito bago siya hinapit sa baywang.

"W-what are you doing?" bulong niya. His face was only a few inches away from hers.

"Giving you proof that I'm not gay," he teased. She could feel her blood rushing and his body reacting as well.

"Lumayo ka sa akin, Jason," utos ni Andy at pilit na itinutulak ito.

"Do you still think I'm gay, honey?" he asked gently.

"Ye—" Hindi na niya naituloy pa ang nais niyang sabihin sapagkat muli na nitong sinakop ang kanyang mga labi. Unexperienced as she was, she concluded he was a good kisser. There was nothing repulsive about the way he kissed her. Naging mapusok ang mga halik nito at hindi iyon naging hadlang para hindi siya tumugon. She wished the kiss would never stop. It just felt so right. When it ended, Jason held her in his arms. She felt his lips on her hair.

"Andy," bulong nito. "I wish we could stay like this forever," parang wala sa loob na hayag nito.

"Jason, I—"

"Please marry me, Andy."

Sa narinig ay para siyang binuhusan ng malamig na tubig. Nagising siya mula sa kanyang panaginip. She gathered all her might and pushed him away. Tangkang lalapit ulit ito kaya tinapunan niya ito ng masamang tingin.

"Stay away from me, Jason Villarama. I don't want you near me."

"Was that a little too late, honey? After that kiss, you think you can make me stay away?" Ngumisi ito. "Now, I'm sure, hindi ako nagkamali nang pumayag akong magpakasal tayo."

"Magpakasal ka sa sarili mo. I'm *not* marrying you."

"Oh, I'm sure you would want to marry me, honey."

Hindi ba't iyon ang pangarap mo? You want your husband to be your first kiss, right?" He was back to his teasing mood.

"You're not my first kiss," mariing tanggi niya.

"I'm sure I am, honey. Don't try to deny it. I knew and I felt it. So may I ask, how was your first kiss?" pilyong tanong nito.

"It was gross!" sardonic na sagot niya bago tinalikuran ang binata. Hanggang sa loob ng kanilang bahay ay dinig niya ang malulutong na halakhak nito.



Kanina pa siya nangingiti. Jason was so happy his chest would burst any minute. Kanina ay muli niyang nakaharap si Ann Diane after staying more than fifteen years in the States. The pictures that her dad sent them did not do her justice.

She was much more beautiful in person. Her long wavy hair was so soft to touch. He liked the way her chinky eyes seem to emit fire when she's angry. How he enjoyed looking at her small but pointed nose and of course, how he loved to press his lips against her sweet lips. He would trade anything just to have a taste of those lips once again.

"Jason, pare, kanina ka pa tulala diyan," puna sa kanya ni Jared. Pinsan ito ni Ann Diane at kaibigan din niya. "Masamang senyales 'yan. Nakangiti habang nakatingin sa kawalan," biro pa nito.

"May naalala lang ako," sagot niya.

"Let me guess. Ang naalala mo bang iyan ay may mahabang alon-along buhok, singkit na mga mata at 'Ann Diane' ang pangalan?" panghuhuli nito.

Natawa siya. "Bakit mo naman nasabing siya nga ang iniisip ko?" interesadong tanong niya.

"Para kasing nakikita ko ang mukha niya sa mga mata mong medyo kumukuti-kutitap pa. Tama ba 'ko?"

Nagkibit-balikat siya, not denying nor confirming Jared's statement.

"Naku, pare, mag-ingat ka sa isang iyon, may pagkaamasona pa naman ang pinsan ko. Sasakit ang ulo mo sa kanya, sigurado ako," banta pa ng kaibigan.

"Alam ko 'yan, pare. Ngayon pa lang, pinapasakit na niya ang *ulo* ko," makahulugang tumungo siya para sulyapan ang zipper ng pantalong suot.

"Tarantado, napakadumi talaga ng isip mo!"

Tumatawang binatukan siya nito. "Ang ibig kong sabihin, mahihirapan kang pakibagayan ang pinsan kong iyon. Ikaw ba naman, ang laki ng galit niya sa iyo. For the past fifteen years or so, ni ayaw madinig kahit pangalan mo lang."

Napangiwi siya. "That bad?"

Tumango si Jared. "So, ano'ng balak mo? Paano mo mapapapayag si Andy na magpakasal sa iyo?"

"If there's a will, there's a way, pare. Maiba ako, I heard your marriage has been arranged too?" paniniguro niya. Nalukot ang mukha ng lalaki.

"Ang bilis nga namang kumalat ng balita. Unlike you, hindi ko gustong matuloy ang kasalang iyon. Kung ikaw ang nasa kalagayan ko, hindi mo din gugustuhing maikasal kay Ashley," inis na sagot nito.

Jason felt curious. "Why is that?"

"Pare, manang na manang ang dating ni Ashley. Galing pa yata sa baul ng lola ko ang mga damit na suot niya. At isa pa, kulang na lang magtago sa likod ng lolo niya kapag nakakita ng tao. Hindi man lang ako matingnan sa mukha! Paano ko naman maihaharap iyon sa tao bilang girlfriend o asawa ko kung gan'un? Mapapahiya ako!" litanya pa nito.

"Aren't you being judgmental, Jared? Just because she does not look like the other girls you used to date ay tinatangihan mo na siya?"

"Nasasabi mo lang 'yan dahil hindi ikaw ang nasa

kalagayan ko.”

“Hindi ko alam, Pare. But why don’t you give it a try gaya ng pinipilit kong gawin?”

Jared chuckled. “Pinipilit mo? Come on, Jason. Iyang lagay na ’yan ay pinipilit mo lang na tanggapin ang arrangement sa inyo ni Andy? Kung ’yan pala ang napipilitan, ano na kaya ang hitsura ng kusang-loob?”

Natawa rin siya. “Sira-ulo!”



“Good morning, Andy,” masayang bati ni Jason sa dalaga nang umagang iyon. Nakaupo na ito sa harap ng kanilang hapag.

“Ang aga mo naman yatang nang-iistorbo?” nakasimangot na tugon niya bago umupo sa kanyang puwesto sa hapag-kainan.

“Tita Marian invited me over,” he replied.

Mula sa kanilang kusina ay lumabas ang kanyang ina, hawak ang pitsel na may lamang malamig na orange juice.

“Good morning, hija. I invited Jason to eat breakfast with us. Wala pa kasi siyang kasama sa bahay nila kundi mga katulong dahil sa makalawa pa ang dating ng mga Tita Marge mo.”

“Napansin ko nga, Mom. Wish ko lang matunawan ako kahit may kaharap akong impakto,” pasaring niya.

“Diyang muna kayo at titingnan ko lang ang daddy mo, Andy, okay?” her mother said. Mukhang hindi nito narinig ang huling sinabi niya. Tumango ang magkababata bilang sagot.

“Nasaan ang impakto?” tanong ni Jason nang sila na lamang dalawa ang nasa hapag.

Tiningnan niya ito. “I’m looking at him right now.”

Nagpalinga-linga ito. “Where?”

“You,” sagot ni Andy. “Stupid,” bulong niya.

“Me?” di-makapaniwalang ulit nito. “Ang guwapo

pala ng mga impakto kung ganoon?”

“Hanggang ngayon ay bilib ka pa din sa sarili mo, ano!”

Jason smiled. “Nagsasabi lang naman ako ng totoo.”

“Yeah, yeah, whatever.” Nang bumaba ang kanyang mga magulang ay sinimulan na nila ang pagkain. Habang masayang naghuhuntahan si Jason at ang kanyang ama ay tahimik lamang si Andy. The breakfast seemed to last an eternity. Nang matapos siya sa pagkain ay nagpaalam siya.

“Mom, Dad, maiwan ko na kayo. Male-late na po ako sa trabaho,” pahayag niya bago tumayo at isa-isang hinagkan sa pisngi ang mga magulang.

“Don’t I get a kiss too?” biro ni Jason na ikinatawa ng mag-asawa.

“Oh, shut up,” she answered coldly.

“Sige na nga. Baka nahihiya ka pa kina Tito at Tita. Later na lang kapag hindi nila nakikita.”

She glared at him. “Ang kapal ng mukha mo!”

“Hindi ka ba sasabay sa akin ngayon, Andy? Coding ang kotse mo, hindi ba?” tanong sa kanyang ama.

Oo nga pala. Bakit ba magmula nang bumalik ang hudyong si Jason sa buhay niya ay lagi na siyang nawawala sa sarili? “Magta-taxi na lang ako, Daddy, o kaya sasabay na lang ako kay Laila,” sagot niya.

“On the other hand, ihahatid ko na lang si Andy, Tito,” boluntaryo ni Jason.

“Mabuti pa nga, hijo. Hindi ako masyadong panatag sa pa-taxi-taxi na iyan. Madami nang lokong taxi drivers ngayon,” sang-ayon ng kanyang ina.

“Don’t bother, Jason” baling niya sa binata. Hindi niya gustong mapag-isang kasama ito.

“I insist—”

“Hindi ka pa tapos kumain, di ba?” putol ni Andy.

“I’m done. Tara na,” anito at marahan pa siyang hinawakan sa braso upang alalayan siya. “Aalis na po

kami, Tito, Tita.”

Tumango ang mag-asawa at naglakad na palabas ng dining room ang magkababata.

Pumiksi ang dalaga. “Kaya kong maglakad mag-isa.”

Nang marating nila ang bagong biling sasakyan na silver *Audi A5* ay pinagbuksan pa siya ni Jason ng pinto. She wondered what his job was. Mukhang marami yata itong ipon. Ilang araw pa lang ito sa bansa ay nakabili na ito ng sasakyan. At luxury car pa!

“So where to?” tanong nito nang makapuwesto ito sa driver seat.

“Tingnan mo, may pa-volunteer-volunteer ka pa diyang ihatid ako, hindi mo naman pala alam ang daan papunta sa opisina ko,” inis na turan ng dalaga.

“Bakit ang sungit mo? Meron ka ba?” he teased.

Tiningnan niya ito nang masama. He raised his hands in surrender bagaman hindi pa rin nabubura ang ngiti nito.


“Ano ba, dito na lang ba tayo habang-buhay? Wala ka bang balak paandarin ang sasakyan mo? Wait, do you have a driver’s license? Baka naman lalo akong ma-late kapag nahuli kang nagda-drive nang walang lisensya,” tuloy-tuloy na pagsasatinig niya ng mga salita.

Naiiling at natatawang ini-start nito ang sasakyan. “You have a tendency to nag, honey. To answer your question, may lisensya ako. I wouldn’t volunteer to drop you off to your office kung wala pa ako n’un. Now be a good girl at ituro mo sa akin ang daan papunta sa opisina ninyo para hindi ka ma-late.”

“Just go straight ahead at sasabihin ko sa iyo kung saan ka liliko,” sagot niya.

“Now that’s better. P’wede ka naman palang maging submissive paminsan-minsan,” biro ni Jason.

“Submissive, my ass,” sagot niya na muling ikinatawa nito and she just loved to hear his laughter. *That’s bad, Andy. You’re beginning to like the devil.*



Nagulat si Ann Diane nang makitang naghihintay sa kanya si Jason sa labas ng opisina ng *Plates and Platters*. Kalalabas lamang niya nang araw na iyon. At hindi gaya nang nakalipas na mga araw, hindi niya kasabay si Laila. Maaga itong umuwi dahil may kailangan itong asikasuhin.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” mataray na bungad niya nang salubungin siya ng binata.

“Nice seeing you, too, Andy,” nakangiting bati nito matapos abutin mula sa kanya ang dala niyang bag.

“Anong masamang hangin ang nagdala sa iyo dito?”

“Wala naman. Gusto ko lang sunduin ang napakaganda kong fiancée.”

Napasimangot siya. “P’wede ba, pagod ako. Huwag mo akong buwisitin at baka hindi kita matantya, may kalalagyan ka,” banta niya na ikinatawa lang nito.

“Napakabayolente mo talaga,” komento nito nang ipagbukas siya ng pinto ng sasakyan. Nang makasakay ay humarap ito sa kanya; may pilyong ngiting naglalaro sa mga labi nito. “I’ve been meaning to do this when I saw you come out of your office.”

Before she could react, he was already kissing her or should she say, *they* were already kissing. Hindi niya mawari pero nang lumapat ang mga labi nito sa kanyang bibig ay kusang tumugon ang mga ito. Maybe secretly, she had been longing to be kissed by him again.

“Sarap!” sabi ng lalaki nang humiwalay ito sa kanya at ini-start ang sasakyan. A small smile was playing on his lips.

She knew she was blushing. “W-what did you do that for?” kunwa ay galit na tanong niya.

“Kunwari ka pa, nagustuhan mo din naman. Napapaungol ka pa nga kanina, eh,” biro ni Jason.

Pakiramdam niya ay lalo pa siyang namula sa hiya. “I did not!” tanggi niya.

“Yes, you did,” tukso pa nito.

“I did not, you moron!” angil niya, sabay hampas sa braso nito.

Tawa ito nang tawa habang tila siya batang nag-aalboroto. “Okay, okay, hindi na nga. Hindi ikaw ’yung nadinig ko kanina. Baka iyong guwardyang nakita kong lumapit kanina sa sasakyan. Siguro pinapanood niya tayo.”

“What! May nakakita sa atin? Why, you—”

Akmang hahampasin niya ulit ang kausap nang muli itong magsalita. “I was only joking! Huwag mo na akong hampasin, ang sakit na ng braso ko, akala mo. Napakabigat pala ng kamay mo; parang maso ang humampas sa akin.”

“Jason!”

“Joke lang,” sabi nito.

“Jason, did I... you know,” untag niya mayamaya.

“Did you what?” painosenteng tanong nito.

“You know what I mean, Jason,” naiinis na nahihiyang sagot niya.

“Honestly, I don’t know what you mean.”

“Did I... make ungol a while ago?” Sukat doon ay tumawa itong muli. “Don’t laugh at me! Nakakainis ka!”

Tumigil ang lalaki bagaman alam niyang pinipigil lamang nito na muling mapabunghalit ng tawa. “Are you serious?”

“Do I look like I’m joking?”

“You’re serious indeed. Ano’ng gusto mong isagot ko?”

“The truth.”

“Yes?” sagot nito na halos patanong din.

“Bakit parang hindi ka sure?”

“I wasn’t sure if it were you o ako pala iyon,” he said honestly.

“If it was me, was I a turn-off?” nais niyang malaman. Nakita niyang napaisip ito. “Make sure na magugustuhan ko ’yang sagot mo, kung hindi... lagot ka sa aking lalaki ka,” banta ni Andy bagaman ang totoo ay kinakabahan din siya sa isasagot nito.

“Hindi ako na-turn off. In fact, I find it sexy,” tugon nito. Sandali pa siya nitong nilinga nang sabihin iyon.

Nakahinga si Andy nang maluwa. “Keep your eyes on the road, Jason. Ayoko pang mamatay,” biro niya nang mapansing panaka-naka ay sinusulyapan siya nito habang nagmamaneho.

“Sa tingin mo, hahayaan kitang mapahamak? Hindi pa man tayo naikakasal, biyudo na ‘ko? No way! And besides, I still have not gotten enough of you, honey. I could die kissing you,” pilyong biro nito.

“You’re crazy!”

“Crazy for you, honey,” tumatawang turan ni Jason. Umiling-iling siya. “Masisiraan ako ng ulo sa iyo.”

“Di pareho na tayo. I’m crazy for you and you’d be crazy for me. And we’ll live happily ever after in the sanitarium.”

“Grabe. Masama na ang tama mo. Hindi na kita carry.”

"I'd carry you then," natatawang saad nito.

"What am I gonna do with you?" Bakit lagi na lang itong may sagot sa lahat ng sinasabi niya? Ang mahinang tawa ng binata ay unti-unti nang lumakas and then she found herself laughing merrily with him.



Muntik na siyang matumba nang sumulpot mula sa kung saan ang isang batang lalaki. Marahil hinahabol nito ang bolang kanina lang ay namataan niyang gumugulong palabas ng kanilang front door. Tumingala ang bata sa kanya.

"I'm sorry. Did I hurt you?" tanong nito. At Inglisero ang paslit, with accent in fairness.

Napangiti si Andy. The boy's face looked familiar. Parang nakakahawig nito si Jason noong bata pa sila. "I'm okay. 'Bout you?"

"I'm okay, too. I'm Julian," pakilala nito.

Natuwa siya. Bibong bata. "I'm Ann Diane, Andy for short. Nice meeting you, Julian," she said. He even shook hands with her. Such a charming little boy. "How old are you, Julian?" she asked.

"Seven," he answered. "You're beautiful."

"Why, thank you. And you're handsome yourself."

Humagiggik ito. "Thanks. Most people say I look like my Kuya. You must know him because every girl I know seemed to know him," he said matter-of-factly. "And in fact, I think I have seen you already," dugtong pa nito.

"How is that? I'm quite sure it's the first time I've seen you," aniya. The boy really caught her attention with that.

"Wait, I'll have to think about it while I fetch my ball. Will you wait for me here?"

"Sure," she said. Tumalikod si Julian.

Nang bumalik ito ay parang kumikislap ang mga nito sa tuwa. "Now, I remember where I saw you!"

masayang pahayag nito.

“Care to tell me where?” interesanteng tanong niya.

“In Kuya’s—”

“Julian!” mula sa pinto ay tawag ni Jason sa bata.

“Oh, there’s my Kuya Jason,” pahayag nito. So that was the reason why the two have a stunning resemblance. They were siblings.

“You were saying...?” tanong niya sa paslit. Kung bakit kasi wrong timing ang dating ni Jason. Nabitin tuloy siya.

“Julian, Mom’s looking for you, buddy,” anang binata sa kapatid nito.

“Pero may sinasabi pa si Julian sa akin,” reklamo niya.

“Yes, Ate Andy and I are still talking, Kuya,” segunda ni Julian. Napangiti ang dalaga. Bakit yata feel na feel niya nang tawagin siyang ‘Ate Andy’ ng bata? Tila iyon musika sa kanyang pandinig.

“You can talk some other time, Julian, because Mom has been looking for you for quite some time now. Do you want to get her worried?” masuyong sabi ni Jason sa kapatid.

Bumuntong-hininga ang bata. “Why does she always consider me a baby? I’m already a big boy,” palatak nito. Tumalikod na ang paslit at nagsimulang maglakad palayo. Nang tila may maalala ay muli itong humarap. “Catch you some other time, Ate Andy. Nice meeting you, finally,” sabi pa nito bago nagpatuloy sa paglalakad.



Nakahinga nang malalim si Jason. Muntikan na siyang ibuko ng kanyang napakatabil na kapatid. Mabuti na lang at dumating siya sa tamang oras.

“Kainis ka naman, istorbo ka talaga kahit kailan,” inis na sabi ni Ann Diane nang makaalis si Julian.

“Itong guwapong ito, kinaiinisan mo? Sa States, ang mukhang ito ang tinitilian ng kababaihan,” mayabang na pahayag niya.

“Eww! Wala palang taste ang mga babae doon kung ganoon. Di-hamak naman na mas guwapo sa iyo ang mga kaibigan ni Jared, ’noh! My gosh! Ni sa kalingkingan nila, hindi ka aabot,” pagmamalaki nito.

“Sus, nakilala ko na ang mga iyon n’ung isang araw. Sila lang ba ang ipinagmamalaki mo?” he asked, trying to look like he was unaffected when he was really worried. Diyata’t may gusto na si Ann Diane sa isa sa mga kaibigan ni Jared?

“Yabang mo talaga kahit kailan.” May kasama pang irap ang sinabi nitong iyon. Nagpatiuna ito sa paglalakad papasok ng marangyang tahanan ng mga Arellano. “Dumating na pala sina Tita Marge kagabi?” tanong nito mayamaya.

“Oo. Kanina ka pa nga nila hinahanap. Sinabi ni Tita Marian na natulog ka daw sa bahay nina Laila. Totoo ba?”

“Yeah. She asked me to come over last night. Some guy had hurt my friend.” Bumadha ang galit sa magandang mukha ni Ann Diane.

“Is she okay now?” nag-aalalang tanong niya.

“She said she is but I doubt that. Minahal niya ang lalaking iyon, pero iniwan lang siya kung kailan kailangang-kailangan niya ng karamay,” tugon nito. “Where are they?” hanap nito sa kanilang mga magulang.

“Who?” naguguluhang tanong niya.

“Dad, Mom and your parents, silly. Alangan namang hanapin ko sa iyo si Laila at ang Clark na iyon?” She was looking at him like he was from another planet.

Bakit ba kasi napakabilis naman yatang nag-shift ng pinag-uusapan nila? Kanina lang ay si Laila

ang sinasabi ni Andy pagkatapos, bigla-bigla na lang magtatanong ng tungkol sa kinaroroonan ng kanilang mga magulang. Napailing na lamang si Jason. Kailan kaya siya masasanay sa ganoong ugali ng dalaga?

“Nasa poolside. Kaya pala kanina pa tayo paikot-ikot dito sa bahay ninyo, hindi mo pala alam kung nasaan sila,” pahayag niya.

Ann Diane rolled her eyes. “Paano ko kaya malalaman kung nasaan sila, eh, hindi nga ako dito natulog, di ba? Grabe SK ka, pare,” pahayag nito bago tinungo ang daan patungo sa poolside.

Napangiwi siya. She called him ‘pare’? “Don’t do that,” saway niya.

“Do what?” Naguguluhang huminto ito sa paglalakad at humarap sa kanya.

“Say pare. Hindi bagay sa iyo. And what do you mean by SK?” tanong niya. “Ang ganda-ganda mo pero kung magsalita ka, para kang taga-kanto,” dugtong pa niya na pabulong na lamang.

“Gosh, it was just an expression, ’no! And SK, it means ‘Slow Kid’,” sagot nito.

Muli siyang napangiwi. She called him slow kid? Pasalamat ito at may mga naghihintay sa kanila sa poolside, kung hindi ay makakatikim ito sa kanya.

Ng ano? tanong ng isip niya. Ng halik? Napangiti siya. Later, that could wait, Jason.

“Ano’ng ngingingiti mo diyan? Tanggap mong SK ka? Anyway, ano pa ’yung sinasabi mo kanina?”

“Ano pa’ng sinabi ko? Sabi ko lang hindi bagay sa iyo.”

“Hindi, may sinabi ka pa. Medyo mahina kaya hindi ko masyadong nadinig.”

Nadinig nito? Napakatalas naman ng pandinig nito. It was just a whisper! “Wala na akong iba pang sinabi,” kaila niya.

“Meron. It was like, ang ganda-ganda ko pero kung

magsalita ako, para akong taga-kanto?” panghuhuli nito habang may nanunuksong ngiti sa mga labi.

“You tend to imagine things, Andy. Wala akong sinasabing gan’un,” muling kaila niya. “Tara na nga sa poolside at kanina pa sila naghihintay doon,” iwas niya, sabay hawak sa kamay ng dalaga at hinila ito papunta sa direksyon ng poolside.

“He thinks I’m beautiful. Uy, may crush siya sa akin,” tukso pa nito. Andy seemed to be in her teasing mood today. “*He thinks I’m sexy. He thinks I’m beautiful. He wants to—*” She stopped her chant na ikinangiti ni Jason. Of course he knew that song. A song from the movie soundtrack of *Miss Congeniality*.

“I want to kiss you?” dugtong niya. “You bet I do, honey. Pero mamaya na. Nakatingin na sina Mom sa atin, nakakahiya pag may audience. Later na lang,” he teased.

“Dream on,” nakairap na sabi nito bago pilit na hinila ang kamay nito at nagmamadaling lumapit sa kanilang mga magulang.

“I’m gonna wait for the right moment,” pahabol ni Jason. Humarap ito sa kanya at animo batang binelatan siya. Napatawa siya. It seemed like his Ann Diane still has some growing up to do.



“Good morning, people!” masayang bati ni Andy sa mga taong nadatnan niyang nag-aalmusal sa garden, malapit sa pool. Humalik siya sa pisngi ng kanyang mga magulang at gayundin sa parents ni Jason na kasalo ng mga ito.

“Look at you, Andy, you’ve grown into a beautiful lady!” puri sa kanya ni Margarita, ang ina ni Jason. “Marge’ ang palayaw nito.

Ngumiti siya. “Thanks, Tita. You look good yourself and the same thing goes for you, Tito,” tukoy niya

sa ama ng binata na si Charles. “Hiyang po kayo sa America, in fairness.”

Tumawa ang mga naroroon. “Thank you for the compliment, hija,” sagot ng ginoo.

“Ate Andy said I’m handsome, too,” pagbibida ni Julian.

“Of course you are, baby,” kumpirma ni Marge at masuyo pang hinaplos ang ulo ng bunsong anak.

Nalukot ang mukha ng bata. “I’m no longer a baby, Mom. I’m already a grown-up.”

Ngumiti ang ginang. “That’s what you say. But for me, you will always be my baby.”

“Andy, maupo ka na at kumain,” aya ng kanyang ina. Tumingin ito sa lalaking nakasunod sa kanya.

“And, Jason, Hijo, halika na dito’t sumalo na sa almusal.”

“Tabi tayo, Julian, ah?” nakangiting sabi niya sa bata.

“Okay,” sagot nitong nakangiti rin. “My pleasure to sit beside someone as beautiful as you, Ate Andy.”

Natawa siya. “Ang bata-bata mo pa pero napakabolerero mo na,” biro niya.

“May pinagmanahan,” nakangiting pahayag ni Marge.

“Si Tito Charles, Tita?” Andy guessed.

“Oh no, not me, hija,” natatawang sagot ni Charles saka tumingin sa gawi ni Jason.

“Definitely not from me,” defensive na sagot ng binata. “Hindi ako kailanman nambola ng babae, Dad.”

“Bakit masyado ka yatang defensive?” nakataas ang isang kilay na tanong ni Andy. “Wala namang sinasabi si Tito.”

“Believe me, honey, hindi ko gawain ang mambola ng babae. Kung may natutunan man sa akin si Julian, iyon ay ang pagsasabi ng totoo. What he said is true, you really *are* beautiful,” pahayag ni Jason.

She was speechless. Tila kinilig yata siya!



Pasulyap-sulyap si Jason kay Ann Diane habang nakikinig sa balitaan at palitan ng kuro-kuro ng kanilang mga magulang. She too would sometimes give her comments and reactions. Hindi niya maiwasan ang mangiti sa tuwing makikita itong umiismid o kaya ay iniikot ang mga mata kapag nakakarinig ng papuri ukol sa kanya.

“Siyanga pala,” panimula ni Marge, “kailan natin pag-uusapan ang tungkol sa kasal?”

Nakita ni Jason ang pagsimangot ng dalaga. Sumabat na kaagad siya. “Uhm... Mom, bakit hindi na muna po natin ipagpaliban ang usapin ukol doon? We’ve got plenty of time to talk about that. Mag-catch up muna po tayo sa panahong nawala tayo dito,” suhestyon niya.

“Oo nga naman, Mommy,” sang-ayon ng kanyang ama. “Magtalaga na lang tayo ng ibang araw para pag-usapan ang bagay na iyon. Ano sa tingin mo, Kumpadre?” baling nito kay Miguel.

“Sang-ayon ako,” anang ama ni Ann Diane.

Andy’s face lit up. Jason also sighed in relief. Maybe it was not the right time yet to talk about their wedding. Ayaw niyang pilitin ang dalaga na magpakasal sa kanya. Pero gagawin niya ang lahat para mapapayag itong kusang-loob na magpatali sa kanya. He would make her fall in love with him.

